# BARANGAY PROTOCOL

SA PANGANGASIWA NG MGA KASO NG CHILDREN IN CONFLICT WITH THE LAW AT CHILDREN AT RISK

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

**Nilalaman** **Pahina**


**Kabanata 1**
BAGO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO ........ 3

**Kabanata 1-A**
ILANG PANG-ADMINISTRATIBONG BAGAY ........ 4

**Kabanata 1-B**
ALAMIN ANG PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG CICL AT CAR ........ 8

**Kabanata 2**
UNANG KONTAK SA CICL ........ 11

**Kabanata 3**
INTERVENTION PROGRAM AT KUSTODIYA NG CICL NA WALANG DISCERNMENT ........ 42

**Kabanata 4**
DIVERSION NG CICL ........ 53

**Kabanata 5**
ANG CHILD AT RISK (CAR) ........ 67

**Kabanata 5-A**
PAANO NAGIGING CAR ANG ISANG MENOR DE EDAD ........ 68

**Kabanata 5-B**
INTERVENTION PARA SA CAR ........ 72

**Kabanata 6**
PAG-IWAS NA MAGING CICL ........ 81

# KABANATA 1
## BAGO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO


| | |
|---|---|
| **Pahina 4** | KABANATA 1-A<br>Ilang pang-administratibong bagay |
| **Pahina 8** | KABANATA 1-B<br>Alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng CICL at CAR |

# KABANATA 1-A
## ILANG PANG-ADMINISTRATIBONG BAGAY

Ang Manwal na ito ay para sa mga sumusunod kapag may inaasikasong children in conflict with the law (CICL) o children at risk (CAR) sa ilalim ng Republic Act 9344 as amended:



- Punong barangay at barangay kagawad
- Anumang komite ng barangay o sinumang itinalagang boluntaryo na may kinalaman sa proteksiyon ng bata
- Barangay tanod
- Mga Miyembro ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC)

**Una** **Maging pamilyar bukod sa letra at numero sa Manwal na ito**

| | |
|---|---|
| **BCPC** | Barangay Council for the Protection of Children |
| **CICL** | Child in Conflict with the Law; Children in Conflict with the Law |
| **CAR** | Child at Risk; Children at Risk |
| **DSWD** | Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan |
| **JJ** | Juvenile Justice |
| **LSWDO o PSWDO** | Local Social Welfare and Development Officer; maaaring ang City Social Worker and Development Officer o ang Municipal Social Worker and Development Officer |
| **NGO** | Non-government organization |
| **RA 9344** | Republic Act No. 9344 o ang "Juvenile Justice and Welfare Act" as amended by Republic Act No. 10630 |
| **WCPD** | Women and Children Protection Desk |

## Ikalawa — Maging pamilyar sa mga taong regular mong makakatuwang kapag ipatutupad ang RA 9344.

Dapat magtakda ang barangay ng sistema para sa komunikasyon at koordinasyon kasama ang mga sumusunod upang mapadali ang pangangasiwa sa mga kaso ng CICL (pati na rin mga kaso ng CAR):

- LSWDO o PSWDO (at iba pang mga opisyal ng DSWD sa Rehiyon);
- Opisina ng Public Attorney;
- Lokal na mga health officer;
- WCPD ng Philippine National Police; at
- Regional Juvenile Justice and Welfare Council

Dapat magkaroon ang barangay ng itinakdang network kasama ang:



Mga opisyal ng paaralan sa loob ng barangay




Mga NGO para sa mga bata



Mga organisasyong batay sa relihiyon

Ang paunang pagkilala sa kanila at pagtatakda ng network kasama nila ay makatutulong sa barangay na mas madaling maipatupad ang batas.

## Ikatlo — Magkaroon ng nakahandang talaan bilang sanggunian kapag may hinahawakang mga kaso ng CICL.

Maikli lamang ang panahon ng barangay upang pangasiwaan ang CICL mula sa oras ng paunang kontak. Ang pagkakaroon ng nakahandang talaan sa barangay ay makatutulong na mas mapadali ang pagpapatupad ng batas.

Punan ang talaan sa susunod na pahina (pati sa Annex A) at magkaroon ng nakahanda at nakikitang kopya sa barangay hall.

# TALAAN NG BARANGAY

Mga contact detail upang matulungan ang CICL at CAR

| | (MGA) PANGALAN | (Mga) Numero ng telepono / Mga tirahan |
|---|---|---|
| LSWDO o PSWDO (Barangay) | | |
| LSWDO o PSWDO (Lungsod, Munisipalidad, o Probinsiya) | | |
| PAO | | |
| Rehiyonal na Opisyal ng JJWC | | |
| PNP - WCPD | | |
| Police Community Precinct | | |
| Mga health worker ng barangay | | |
| Lokal na mga health officer/ health center | | |
| Mga doktor na nakatira sa barangay | | |
| Lokal na civil registrar | | |
| | | |
| Mga NGO na tumutulong sa mga bata | | |
| | | |
| Mga organisasyong batay sa relihiyon | | |
| | | |
| Mga opisyal ng paaralan | | |
| | | |

Punan at pagkatapos ay punitin o i-photocopy para sa sanggunian ng barangay (Kopyahin din sa Annex F ng Manwal)

## **Gayundin** Maging pamilyar sa mga Flowchart at Pormularyo para sa mga barangay.

Laging magkaroon ng nakahandang kopya para sa lahat ng mga nagpapatupad ng RA 9344 sa barangay:

1. Flowchart A hanggang C-1 (Annex A hanggang C ng Manwal na ito)

2. Flowchart para sa pangangasiwa ng batang lumabag sa isang ordinansa (Annex D ng Manwal na ito)

3. Mga pormularyo para sa mga Barangay (Annex E-1 hanggang E-4 ng Manwal na ito)

Mahalaga ang mga flowchart at mga pormularyo para maayos na maipatupad ang batas.

## **Panghuli** Siguraduhing mayroon ng mga sumusunod.

Upang pinakaepektibong maipatupad ang RA 9344 at magamit ang Manwal na ito, mangyaring magkaroon din ng mga kopya ng mga sumusunod bilang sanggunian:

1. RA 9344 as amended by RA 10630

2. Pagpapatupad ng mga alintuntunin ng RA 9344 as amended by RA 10630

3. Integrated Care Management Protocol para sa pagpapatupad ng RA 9344

# KABANATA 1-B

## ALAMIN ANG PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG CICL AT CAR

Ang CICL (Child in Conflict with the Law) ay iba sa CAR (Child at Risk).





Alamin kung ang bata ay kinukonsiderang CICL o CAR. Pagkatapos, malalaman mo kung anong mga kabanata ang gagamitin sa Manwal na ito.

### Kailan ba nagiging child in conflict with the law (CICL) ang bata?

Ang CICL ay tumutukoy sa bata na "pinaratangan, inakusahan, o pinagbintangan na nakagawa ng pagkakasala sa ilalim ng mga Batas ng Pilipinas."

Ang mga halimbawa ng CICL ay ang mga inakusahan ng pagnanakaw, pisikal na pananakit, malicious mischief, panggagahasa, o pagpatay.

### Kailan ba nagiging child at risk (CAR) ang bata?

Ang bata ay CAR (at hindi CICL) kung siya ay lumabag sa:

1. mga lokal na ordinansa patungkol sa mga status offense ng menor de edad;
2. mga magaang pagkakasala o paglabag laban sa kaayusan o kaligtasan ng publiko; o
3. mga pagkakasalang hindi maiaaplay sa mga bata kaya naman hindi sila sasailalim sa pag-uusig.

| CICL (Child in conflict with the law) | CAR (Child at Risk) |
|---|---|
| **Sa lebel ng barangay, KAILAN magiging in conflict with the law ang bata?** Sa oras na mapunta sa kustodiya ng barangay ang bata dahil inakusahan itong may nagawang pagkakasala sa ilalim ng batas ng Pilipinas, itinuturing nang CICL ang bata. | **Kailan sinasaklaw ng isang ordinansa ang isang "status offense ng menor de edad"?** Kapag sinasaklaw ng isang ordinansa ang asal ng mga menor de edad na hindi itinuturing na kasalanan o hindi pinarurusahan kung ginawa ng isang matanda, ang ordinansang ito ay itinuturing na "mga status offense" ng menor de edad. |

## CICL (Child in conflict with the law)

**Kapag nangangasiwa ng CICL, anong mga kabanata ng Manwal na ito ang gagamitin ko?**

- Chapter 2 hanggang 3 ng Manwal na ito; at
- Flowchart A hanggang C-1 (Annex A hanggang C)

**Ilustrasyon: Kailan ba nagiging CICL ang bata?**

Kung ang bata ay dinala ng may-ari ng tindahan sa barangay dahil diumano'y nagnakaw ng pagkain mula sa tindahan, ang bata ay CICL na mula sa oras na sinagip ito ng may-ari ng tindahan.

Kung ang bata ay dinala ng may-ari ng tindahan sa barangay dahil ang bata ay mistulang naliligaw at hindi mahanap ang kaniyang mga magulang, ang bata **ay hindi** CICL.

Kung sa palagay ng may-ari ng tindahan na nakita niya ang batang nagnakaw ng kung anuman sa tindahan ngunit hindi ito isinumbong sa barangay, ang bata **ay hindi** CICL.

Kung kinuha ng barangay tanod ang kustodiya ng bata na nasa tindahan bandang 11 ng gabi (lagpas 9:30 ng gabi na curfew na ipinatutupad ng barangay), ang bata ay **hindi** itinuturing na CICL sa ilalim ng RA 9344. Ang paglabag sa ordinansa hinggil sa curfew ay hindi pagkakasala sa ilalim ng batas ng Pilipinas. Gayunpaman, ang bata ay maaaring ituring na CAR. (Tingnan ang diskusyon sa ibaba at sa Kabanata 5 sa pahina 67)

**CICL at ang apat na gampanin ng mga barangay**

Ang barangay ay may importanteng gampanin sa apat na mahahalagang area patungkol sa CICL.

1. Pagkuha ng kustodiya sa CICL
   (Tingnan ang Kabanata 2 ng PAUNANG KONTAK)

2. Pagtulong sa pagtukoy sa kung saan ililipat ang CICL na kumilos nang walang

## CAR (Child at Risk)

Ang gawaing sinasaklaw ng nasabing ordinansa ay hindi dapat ituring na pagkakasala, at hindi dapat parusahan, kung nagawa ng bata.

**Ano ang mga halimbawa ng mga lokal na ordinansa na may kinalaman sa mga status offense ng menor de edad?**
Ang batang nakagawa ng alinman sa sumusunod ay isang CAR:

- mga paglabag sa curfew
- truancy
- pagkasuwail sa magulang
- paglabag ng mga ordinansa laban sa paninigarilyo
- paglabag ng mga ordinansa laban sa pag-inom ng alak
- paglabag ng iba pang ordinansa na ipinatupad ng lokal na gobyerno na may kinalaman sa mga status offense ng menor de edad

**Anong magaang pagkakasala o paglabag laban sa kaayusan at kaligtasan ng publiko ang magkaklasipika sa bata bilang CAR?**

- disorderly conduct
- pampublikong eskandalo
- harassment
- kalasingan
- kalasingan sa publiko
- kriminal na panggugulo
- bandalismo
- sugal
- pamamalimos
- pagkakalat
- pag-ihi sa publiko
- trespassing

**Ano ang mga pagkakasalang hindi maaaring iaplay sa mga bata ngunit magiging CAR sila kapag ginawa nila ang mga ito?**
Kung ang bata ay nakagawa ng alinman sa mga sumusunod na pagkakasala, hindi uusigin ang bata **ngunit** ituturing na CAR:

1. prostitusyon (sa ilalim ng Seksiyon 202

## CICL (Child in conflict with the law)

discernment at sa pagpapatupad ng INTERVENTION program para sa bata
(Tingnan ang Kabanata 3 tungkol sa INTERVENTION at PAGTUKOY SA KUSTODIYA)

3. Pagsasagawa ng mga Diversion Proceeding at pagtulong sa pagpapatupad ng DIVERSION program para sa CICL na may discernment
(Tingnan ang Kabanata 4 para sa DIVERSION)

4. AGAPAN ang mga bata na maging at risk at maging in conflict with the law
(Tingnan ang Kabanata 6 para sa PAG-AGAP)

> **TANDAAN**
>
> Ang Child at Risk (CAR) na lumabag sa isang ordinansa o nakagawa ng magaang pagkakasala o paglabag katulad ng nakalista sa itaas ay <u>hindi CICL</u>.

## CAR (Child at Risk)

ng Revised Penal Code)

2. pamamalimos (sa ilalim ng Presidential Decree No. 1563)

3. pagsinghot ng rugby (sa ilalim ng Presidential Decree No. 1619)

**Sa pangangasiwa ng CAR, ano ang mga kabanata ng Manwal na ito ang gagamitin ko?**
<u>Ang Kabanata 5</u> ng Manwal na ito at ang katumbas na Flowchart hinggil sa pangangasiwa sa child at risk na lumabag sa isang ordinansa o nakagawa ng magaang pagkakasala o paglabag (Annex D ng Manwal na ito) ang gagamitin para sa CAR.
<u>Ang Kabanata 6</u> ng Manwal ay naglalarawan din ng mga programa ng barangay upang maagapan na maging CICL ang isang CAR.

**TANDAAN: Mayroong ibang uri ng CAR na hindi saklaw ng Manwal na ito.**
Tanging ang CAR na nakasaad sa itaas ang saklaw ng Manwal na ito. Mayroong ibang uri ng CAR—ang mga “maselan o at-risk na saktan ang sarili nila o ang iba, o maselan at at-risk na mahimok at pagsamantalahan na maging in conflict with the law dahil sa mga personal, pampamilya, at panlipunang pangyayari.”
Mayroong hiwalay na mga batas at mga manwal na ginagamit kapag tinutugunan ang mga kaso ng ibang CAR (Hal.: mga batang lansangan; mga batang pisikal o seksuwal na inabuso; mga batang nasa lugar ng armadong labanan). Huwag gamitin ang Manwal na ito para sa ibang uri ng CAR.

# KABANATA 2
## UNANG KONTAK SA CICL

# KABANATA 2

## UNANG KONTAK SA CICL (AT PAUNANG INTERBYU)

**IHANDA ANG MGA SUMUSUNOD:**

Flowchart A (Annex A)
Talaan ng mga kontak (Annex F)
CICL Logbook (Annex G)
BCPC Form No.1 (Annex E-1)

Kapag ang bata ay inilagay sa kustodiya ng barangay dahil inakusahang nakagawa ito ng pagkakasala sa ilalim ng batas ng Pilipinas, ang bata ay itinuturing nang CICL.

### Kailan mayroong paunang kontak sa CICL?

Mayroong ‘paunang kontak’ kapag ang opisyal ng barangay, miyembro ng BCPC, o pribadong mamamayan ay may **sinagip o dinalang CICL sa kustodiya** dahil diumano’y nakagawa ng pagkakasala.

### Ano ang dapat gawin ng barangay matapos sagipin o ilagay sa kustodiya ang CICL?

Tandaan ang kodigo: **Id-Ex-Reg-In + Form-OA + Med-T-R**

Unang bahagi: Id-Ex-Reg-In
Ikalawang bahagi: Form-OA
Ikatlong bahagi: Med-T-R

Gawin ang lahat ng mga hakbang na ito sa loob ng walong oras matapos sagipin ang CICL.

**Unang bahagi:**
**Id-Ex-Reg-In**

Matapos ilagay sa kustodiya ang CICL, ang barangay ay dapat munang:

1. **(Identify) Ipakilala** ang sarili sa CICL
2. **(Explain) Ipaliwanag** sa bata: **r.o.c.**
    - (**r**eason) dahilan ng pagdadala sa bata sa kustodiya
    - diumano’y nagawang (**o**ffense) pagkakasala
    - mga (**c**onstitutional rights) karapatang konsitusyonal
3. **(Register) Irehistro** sa CICL Logbook

4. **(<u>In</u>form)** Ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga ng bata, social worker, PAO, at lokal na health officer

**Id-Ex-Reg-In** + Form-OA + Med-T-R

## Ano ang tamang paraan para (<u>ID</u>ENTIFY) IPAKILALA ang sarili sa CICL sa paunang kontak?

1. Ipakilala ang sarili bilang “ate” o “kuya” sa CICL;
2. Banggitin ang iyong tungkulin sa barangay (“Ako ay tanod dito sa Barangay 143...”);
3. Ipakita ang wastong identification card o isuot ang iyong uniporme bilang opisyal ng barangay o miyembro ng BCPC; at
4. Gumamit ng pakikitungong angkop sa mga bata (pananalita, tono, pag-uugali)

## Anong (<u>EX</u>PLAIN) IPALILIWANAG mo sa CICL?

Ipaliwanag ang **r.o.c.** o ang:

1. (**r**eason) dahilan ng pagdadala sa bata sa kustodiya
2. diumano’y nagawang (**o**ffense) pagkakasala
3. mga (**c**onstitutional rights) karapatang konsitusyonal

Gamit ang simpleng wika/diyalekto na naiintindihan ng CICL, ang opisyal ng barangay na nagdala sa bata sa kustodiya ay dapat ipaliwanag sa paraang angkop sa mga bata:

1. (<u>**r**eason</u>) dahilan ng pagdadala sa bata sa kustodiya

“You are brought here to the barangay hall by Mang Juan who reported that you took something from his store without paying or asking for his permission...”

*“Nandito ka sa barangay kasi ni-report ni Mang Juan na may kinuha ka raw sa tindahan n’ya nang ‘di nagbabayad o nagpapaalam man lang...”*

2. ang diumano'y nagawang (**o**ffense) pagkakasala

"...taking something without paying or asking permission is against the law. This may be considered theft."

*"Ang pagkuha ng isang bagay nang 'di nagbabayad o nagpapaalam ay bawal sa ilalim ng batas. Ito 'yong tinatawag nilang 'theft'..."*

3. ang mga (**c**onstitutional rights) karapatang konsitusyonal ng bata

"I will remind you that:...

a. "...you have the right to remain silent. Do you understand?"
b. "...you have a right to have an independent and competent counsel of your choice. Do you understand?"
c. "...if you cannot afford the services of a lawyer, the government can provide a lawyer to assist you. Do you understand?"
d. "...anything that you say will be used against you in any court of law. Do you understand all these rights?"

*"...ipapa-alala ko sa iyo na:...*

*a. "...karapatan mong manatiling tahimik kung nais mo. Naintindihan mo?"*
*b. "...karapatan mong magkaroon ng sariling abogado na pipiliin mo o ng magulang mo. Naintindihan mo?"*
*c. "...kung 'di ka makakuha ng sariling abogado, pwede kang bigyan ng gobyerno ng abogado kung gugustuhin mo. Naintindihan mo ba?*
*d. "...kung ano man ang sabihin mo, pwedeng magamit 'yon sa korte laban sa iyo. Naintindihan mo ba ang mga karapatan mo?"*

**TANDAAN**

Ang sumusunod na mga aksiyon ay mahigpit na ipinagbabawal kapag dadalhin ang bata sa kustodiya:

1. paggamit ng mga instrumentong pamuwersa o pamigil
2. hindi kinakailangang dahas o puwersa
3. bastos na pananalita
4. seksuwal na pambabastos sa bata
5. tortyur




## Kung kailangang kapkapan ang bata...

Kung ang sitwasyon ay nagdidikta na kailangang kapkapan ang bata (halimbawa, kapag gumamit ng karahasan at mga sandata ang bata), kapkapan ang bata sa mahinahon, hindi nakakapanghiya, at gender-sensitive na pamamaraan. Ang isang batang babae ay maaari lamang kapkapan ng babaeng kinatawan ng barangay.

## Saan dadalhin ang bata matapos sagipin?

Ang opisyal ng barangay, tanod, o miyembro ng BCPC ay dadalhin ang CICL sa istasyon ng barangay para sa paunang imbestigasyon. **Ngunit** kung sa paunang kontak ay natukoy ng barangay na ang sitwasyon ay nangangailangan ng agarang tulong ng pulis (halimbawa, sukdulang karahasan), maaaring diretsong dalhin ng barangay ang bata sa istasyon ng pulis.



## Kailan mo dapat agad na i-refer ang kaso ng CICL sa pulisya?

Ang tauhan ng barangay na kumuha ng kustodiya ng bata ay mahigpit na pinapayuhang i-refer agad ang kaso ng CICL sa WCPD kapag nalaman na ang bata:

- ay pinagsasamantalahan ng mga nakatatanda noong nagawa ang pagkakasala;
- ay paulit-ulit nang nagkasala;
- ay higit sa 15 taong gulang at ang kaparusahan sa pagkakasalang nagawa ay higit sa anim na taon; o
- nakagawa ng matinding pagkakasala katulad ng nakalista sa ibaba.

**Agad na i-refer ang CICL sa WCPD kung ang mabigat na pagkakasalang nagawa ng bata ay alinman sa mga sumusunod:**

- Parricide;
- Pagpatay;
- Infanticide;
- Kidnapping at serious illegal detention kung saan ang biktima ay pinatay o ginahasa;
- Pagnanakaw na may homicide o rape;
- Destructive arson;
- Rape;
- Carnapping kung saan ang driver o nakasakay ay pinatay o ginahasa; o
- Mga pagkakasala sa ilalim ng Republic Act No. 9156 (Comprehensive Dangerous Drugs Act) na may parusang higit sa labindalawang (12) taong pagkakabilanggo

**Matapos dalhin sa kustodiya ang CICL ngunit bago pormal na magsagawa ng Intake Interview, anong gagawin?**

- **Irehistro** ang bata bilang CICL sa CICL logbook; at
- **Ipaalam** sa mga magulang/tagapag-alaga ng bata, social worker, PAO, at lokal na health officer



**Anong importanteng datos/impormasyon ang dapat makuha mula sa CICL para sa REHISTRASYON sa CICL logbook? (Tingnan ang halimbawang pahina ng logbook - Annex G)**

- Pangalan ng bata
- Tirahan ng bata
- Petsa at oras ng intake
- Diumano'y nagawang pagkakasala
- Pangalan ng mga magulang/tagapag-alaga at contact details

**Matapos makuha ang pangalan ng mga magulang/tagapag-alaga ng CICL,** ipaalam sa kanila ang insidente at payuhan silang pumunta sa istasyon ng barangay (o sa lugar ng insidente).

## Paano kung hindi kayang makipag-usap ng bata o tumatanggi itong ibigay ang kaniyang pangalan?

Kunin ang lahat ng kailangang impormasyon para sa pagrerehistro mula sa ibang taong maaaring naroon at agad na kontakin ang social worker upang makahingi ng tulong sa pakikipag-usap sa bata.

## Paano kung ang magulang/tagapag-alaga ay hindi available o hindi matawagan?

Isulat sa intake form na ang magulang/tagapag-alaga ay hindi available o hindi matawagan at ipaalam agad ito sa LSWDO o PSWDO.

Bilang karagdagang hakbang upang protektahan ang bata, ipaalam sa kung sinumang maaaring tumulong sa bata (o kinalaunan ay maaaring mag-alaga o pansamantalang kumuha ng kustodiya) matapos makompleto ang intake. Maaaring ang ilan sa mga taong ito ay mga kamag-anak ng bata.


## Paano kung walang magulang o tagapag-alaga ang bata?

Isulat sa intake form na maaaring “pinabayaan” o “inabandona” ang bata at agad na ipaalam sa LSWDO o PSWDO na ang CICL ay walang magulang o tagapag-alaga na nag-aalaga sa kaniya.

## Sino ang maaaring makaakses ng impormasyon sa loob ng CICL Logbook?

Kumpidensiyal ang CICL Logbook at maaari lamang maakses ng mga sumusunod:

- Opisyal ng barangay na kumuha sa kustodiya ng bata
- Punong Barangay at mga itinalagang opisyal ng barangay na nasa ilalim ng BCPC
- LSWDO o PSWDO
- Juvenile Justice and Welfare Council




Dapat mapanatili ang magkahiwalay na logbook para sa CICL at sa CAR. Ang CICL Logbook ay iba sa logbook ng children at risk (CAR). Huwag irehistro ang impormasyon ng CICL sa ibang logbook para sa ibang kasong may mga kasangkot na bata.

**Pagkatapos, IPAALAM agad ang mga sumusunod (hindi lalagpas sa walong oras matapos ang pagkakasagip):**

**sa mga magulang/mga tagapag-alaga/mga kamag-anak ng bata**

Ipaalam sa kanila na ang kanilang anak ay nasa kustodiya dahil sa isang pagkakasala at hingin sa kanilang (1) pumunta sa istasyon ng barangay kung saan hawak sa kustodiya ang kanilang anak at (2) magdala ng kopya ng sertipiko ng kapanganakan ng bata o anumang opisyal na dokumentong nagpapakita ng edad ng bata.

Kung ang mga magulang o tagapag-alaga ng bata ay hindi mahanap, ipaalam sa pinakamalapit na kamag-anak.

**sa social worker**

Ipaalam sa LSWDO o PSWDO:

- na ang CICL ay nasa kustodiya (at ang oras na dinala ang bata sa kustodiya);
- na pumunta sa istasyon ng barangay upang gabayan ang bata kapag isinasagawa ang intake at paunang interbyu.

Kapag hindi makontak ang LSWDO o PSWDO sa loob ng walong oras matapos ang paunang kontak, maaari mong tawagan ang mga sumusunod:

- DSWD social worker (mula sa Rehiyonal o Pambansang Opisina)
- Sinumang social worker na konektado sa pribadong organisasyon o anumang ibang pambansa o lokal na yunit ng gobyerno.

Ipagbigay-alam din sa LSWDO o PSWDO ang anumang espesyal na pangyayari na may kinalaman sa bata (Mga halimbawa: hindi makontak o hindi available ang mga magulang/tagapag-alaga ng bata; hindi kayang maayos na makipag-usap ng bata o hindi nito maintindihan ang wika/diyalektong ginagamit ng opisyal ng barangay; may mga indikasyon na pinabayaan, inabandona, o inabuso ang CICL).

**sa napiling abogado ng CICL o sa PAO**

May karapatan ang batang magkaroon ng abogado. Abisuhan ang PAO tungkol sa diumano'y nagawang pagkakasala ng bata at hilingin na maging available ang PAO (na sagutin ang mga tawag o pumunta sa istasyon ng barangay) habang isinasagawa ang intake interview.

Kapag hindi makontak ang PAO, dapat isulat ng barangay sa intake form na siya ay: (1) tumawag sa PAO ngunit hindi personal na nakakausap ng abogado ng PAO; at (2) nag-iwan ng mensahe sa opisina ng abogado ng PAO.

**sa lokal na health officer o ibang available na medikal na propesyonal**

Ipaalam sa health officer dahil kailangang dalhin ang CICL para sa medikal na eksaminasyon matapos ang paunang kontak sa bata (Tingnan ang pahina 34 para sa mga detalye ng medikal na eksaminasyon).

Sa loob ng walong oras mula sa paunang kontak sa bata, kontakin:

1. ang mga magulang/tagapag-alaga ng CICL
2. LSWDO o PSWDO
3. PAO (o ang abogado ng bata)
4. lokal na health officer o sinumang available na medikal na propesyonal

Isulat sa Intake Form ang dahilan kung bakit hindi makontak ang sinuman sa mga tao sa itaas sa loob ng walong oras at ang mga ginawa upang subukang makipag-ugnayan.

Laging ihanda ang iyong talaan! (Tingnan ang Annex A ng Manwal na ito)

## Ikalawang bahagi: Form-OA

Matapos ang "Id-Ex-Reg-In", tandaan ang **"Form-OA"** kapag:

- Maaaring magpatuloy ang barangay sa Paunang Interbyu sa pamamagitan ng pagkuha ng pahayag ng CICL at pagsagot ng **Intake <u>Form</u>**. (Gamitin ang BCPC Form No. 1; Annex E-1 ng Manwal);

  Tandaan: Kapag ang CICL ay dinala dahil sa reklamo o ulat ng isang pribadong mamamayan, dapat hilingin ng barangay sa nagrereklamo na sagutan ng **<u>Form</u> ng Reklamo**. (Gamitin ang BCPC Form No.2; Annex E-2 ng Manwal);

- Ang importanteng bahagi ng Paunang Interbyu ay ang pagkumpirma sa **(<u>O</u>ffense) <u>Pagkakasala</u>** na diumano'y nagawa ng bata at pagtukoy sa **(<u>A</u>ge) Edad** ng CICL.

Id-Ex-Reg-In + **Form-OA** + Med-T-R

## Kapag nagsasagot ng Intake Form, ikaw ay nagsasagawa ng PAUNANG INTERBYU. Ano ang pangunahin mong layunin?

Ang pangunahin mong layunin ay tukuyin: (a) kung saan dapat i-refer ang kasong kinasasangkutan ng CICL; at (b) kung saan dapat ilipat ang bata.

Sa ilang mga barangay, nagtatakda ng *code name* o *code number* para sa CICL upang mapanatiling kumpidensiyal ang pagkakakilanlan ng bata. Ang isang barangay ay kumukuha rin ng litrato ng CICL upang ilagay sa rekord at magsilbing sanggunian sa mga kaso ng paulit-ulit na pagkakasala o sa mga kaso kung saan gumagamit ang bata ng ibang pangalan. Ang kopya ng litrato ay kumpidensiyal din.

## Paano mo matutukoy kung saan ire-refer ang kaso?

a. sa pamamagitan ng pagkumpirma sa diumano'y nagawang pagkakasala ng CICL
b. sa pamamagitan ng pag-alam sa edad ng CICL

## Kailan magsisimula ang paunang interbyu?

Magsisimula ang paunang interbyu sa oras na makakuha ang sinuman sa barangay ng anumang impormasyon mula sa bata katulad ng pangalan at personal na mga katayuan.

## Sino ang gagawa ng paunang interbyu?

Ang paunang interbyu ay maaaring gawin ng kapitan ng barangay o sinumang itinalagang opisyal ng barangay/boluntaryo na kumuha ng kustodiya ng bata.

Bago simulan ang Intake/Paunang Interbyu, isaalang-alang ang pisikal at sikolohikal na mga pangangailangan ng CICL para sa maayos na pangangasiwa.

(Halimbawa: gutom ba ang bata?; takot ba ang bata?)

## Ano ang mga maaaring itanong sa intake?

Tanungin lamang ang mga kinakailangang itanong para masagutan ang Intake Form (Annex E-1). Kung may mga impormasyong kailangan para sa mga intake form na maaaring ibigay ng ibang tao (halimbawa, mga magulang, mga guro), kunin ang mga impormasyong ito mula sa kanila at huwag na mula sa bata.

Huwag puwersahin o kumbinsihin ang CICL na gumawa ng anumang pahayag o magbigay ng anumang impormasyon na maaaring palabasing may sala ang bata.

## Sino ang maaaring naroon habang isinasagawa ang intake interview?

- Ang opisyal ng barangay na nagdala sa bata sa kustodiya o ang nakatalagang mag-interbyu sa bata
- Mga magulang/tagapag-alaga ng bata
- LSWDO o PSWDO
- PAO o napiling legal na abogado ng CICL o mga magulang/tagapag-alaga ng CICL
- Tagapagsalin o propesyonal sa kalusugang pangkaisipan kung kinakailangan upang gabayan ang bata sa pakikipag-usap at pag-intindi.

**Kumpidensiyal ang Intake Interview.** Ang taong hindi nakalista sa itaas ay hindi maaaring naroon maliban na lamang kung ang presensiya ng taong ito ay may permiso ng CICL at/o ng mga magulang/tagapag-alaga ng bata.


## Kapag nakikipag-usap sa CICL, gumamit ng simpleng wika/diyalekto na maiintindihan ng bata. Ngunit paano kung ang bata ay nagsasalita ng ibang wika o diyalekto?

Kumuha ng tagapagsalin na maaaring tumulong sa pagsasagawa ng intake. Gayundin, humingi ng tulong mula sa LSWDO o PSWDO upang masigurong wasto ang komunikasyon sa bata.

## Paano kung tumangging magsalita ang bata?

Hingin ang tulong ng social worker upang masigurong wasto ang komunikasyon sa bata. Kung ang bata ay may kapansanan at hirap itong makipag-usap, dapat hingin ang tulong ng tamang medikal na propesyonal sa pagsasagawa ng intake.





**Sa pagsagot ng Intake Form, bigyang diin ang diumano'y pagkakasala ng CICL at ang karampatang parusa**

Ang bata ay nasa kustodiya dahil ang CICL ay diumano'y nakagawa ng krimen o pagkakasala. Importanteng ilagay sa Intake Form: (1) ang diumano'y nagawang pagkakasala ng bata; at (2) ang karampatang parusang ipapataw sa pagkakasalang iyon.

**Kapag isinasagawa ang Paunang Interbyu at nire-rekord ang impormasyon sa diumano'y pagkakasala ng CICL, isulat sa Intake Form ang:**

- nagawang pagkakasala;
- petsa, oras, at lugar ng pinangyarihan ng diumano'y nagawang pagkakasala;
- opisyal ng barangay na kumuha ng kustodiya (pangalan, opisina, at contact details ng opisyal na dumakip); at
- rekord ng dating mga sala o paglabag (nakabinbin man o hindi) na nagawa ng CICL, kung mayroon man.

**Ano ang ilan sa karaniwang pagkakasala na nagiging sanhi upang maging CICL ang bata?**


Pisikal na injury


Rape


Theft (Pagnanakaw)


Mga akto ng kahalayan


Robbery (Pagnanakaw na may kasamang pamumuwersa )


Malicious mischief


Paglabag sa Dangerous Drugs Act

**Ano ang dapat mong gawin upang matukoy ang diumano'y nagawang krimen/pagkakasala ng CICL? Maaari mo bang tanungin ang bata ng ilang katanungan upang matukoy ang pagkakasala?**

Magsagawa ng paunang imbestigasyon upang wastong matukoy ang pagkakasalang nagawa ng CICL. Kapag posible, kunin ang kailangang impormasyon mula sa mga taong may alam sa ibinibintang na pagkakasala (halimbawa, mga saksi; ang taong nagsumbong ng pagkakasala), **at hangga't maaari ay hindi mula sa bata**.

## Dinala ba ang CICL sa kustodiya dahil sa reklamo/ulat ng isang pribadong mamamayan?

Kung ang CICL ay sinagip dahil sa reklamo o ulat ng isang pribadong mamamayan, dapat hilingin ng barangay sa nagreklamo na sagutan ang Form ng Reklamo. (Gamitin ang BCPC Form No. 2; Annex E-2 ng Manwal). Ang Form ng Reklamo na ito ay maaaring maging basehan o pansuportang dokumento kapag tinutukoy ang ibinibintang na krimen/sala ng CICL sa Intake Form nang hindi na kinakailangan pang tanungin ang bata tungkol sa pagkakasala.

> Gamitin ang Form ng Reklamo (Annex E-2) sinagutan ng pribadong nagrereklamo bilang isang basehan sa pagtukoy sa ibinibintang na krimeng/pagkakasalang nagawa ng CICL.

## Paano kung nagbigay ng pahayag ang bata tungkol sa ibinibintang na nagawang krimen?

Kapag nagbigay ng anumang pahayag ang CICL tungkol sa nagawang krimen/pagkakasala matapos siyang dalhin sa kustodiya, siguruhing ang pahayag ay ibinigay sa presensiya ng:

- PAO (o legal na abogado);
- LSWDO o PSWDO; at
- magulang, tagapag-alaga, kamag-anak, o kinatawan ng NGO

Lahat ng nabanggit sa itaas ay dapat pumirma sa anumang nakasulat na pahayag na maaaring gawin ng CICL.


## Agad na i-refer ang kaso ng CICL sa WCPD kung nalaman mong ang bata ay nakagawa ng anuman sa sumusunod na mabigat na pagkakasala:

- Parricide;
- Pagpatay;
- Infanticide;
- Kidnapping at serious illegal detention kung saan ang biktima ay pinatay o ginahasa;
- Pagnanakaw na may homicide o rape;
- Destructive arson;
- Rape;
- Carnapping kung saan ang driver o nakasakay ay pinatay o ginahasa; o
- Mga pagkakasala sa ilalim ng Comprehensive Dangerous Drugs Act na may kaparusahang higit sa 12 taon na pagkakabilanggo

### Paano kung nahihirapan kang tukuyin nang tama ang diumano'y ginawang pagkakasala ng bata?

Upang wastong matukoy ang eksaktong pangalan ng diumano'y nagawang pagkakasala ng bata, humingi ng payo/tulong mula sa PAO, pulis, o opisina ng piskal.

### Batay sa estatistika, anong mga pagkakasala ang madalas hawakan ng barangay na hindi nangangailangan ng pagkakasangkot ng pulisya?



- Hindi malalang pisikal na injury
- Malicious mischief
- Theft

### Tukuyin din ang maaaring ipataw na parusa para sa diumano'y nagawang pagkakasala ng CICL. Bakit?

Ang kalubhaan ng nagawang pagkakasala ay kadalasang natutukoy sa antas ng parusang ipinataw ng batas. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa karampatang parusa, malalaman mo at ng iba pang gumaganap ng mga tungkulin kung paano tratuhin ang CICL sa hinaharap.



Ang karampatang parusa ay pinakaimportanteng tandaan matapos malaman na ang bata ay higit sa 15 taong gulang noong nagawa ang pagkakasala. Ang parusa ang tutukoy kung sino ang mangangasiwa ng diversion para sa CICL na higit sa 15 taong gulang at napag-alamang kumilos nang may discernment.

### Paano kung hindi mo alam ang karampatang parusa para sa ibinibintang na nagawang pagkakasala?

Kung hindi mo alam ang karampatang parusa para sa ibinibintang na nagawang pagkakasala, kumonsulta sa alinman sa mga sumusunod upang mailagay ang tumpak na impormasyon sa intake form:

- PAO
- Piskal
- Sinumang legal na propesyonal
- Pulisya

## Paano kung itanggi ng bata ang paggawa sa sala?

Kahit tumanggi ang batang aminin ang anumang pagkakasangkot sa diumano'y nagawang pagkakasala, dapat pa ring ilagay sa Intake Form ang sinasabing krimen o salang iniuugnay sa CICL para sa pagkompleto ng rekord ng kaso.

## Mayroon bang mga pagkakataon kung saan kailangan ang pisikal na presensiya ng LSWDO o PSWDO para sa pag-interbyu ng bata?

Maaari ka nang magsimula sa pagsasagawa ng intake/interbyu ng bata kahit wala pa ang LSWDO o PSWDO. NGUNIT mandatoryo ang presensiya ng LSWDO o PSWDO sa sumusunod na mga kaso:

- kung, sa anumang oras, matapos dalhin ang CICL sa kustodiya, ang bata ay nagbigay ng anumang pahayag tungkol sa nagawang krimen/pagkakasala;
- kapag ang CICL ay nagsasalita ng ibang wika/diyalekto at hindi maintindihan ang wikang ginagamit ng opisyal ng barangay sa pagsasagawa ng intake, at walang available na tagapagsalin na tutulong sa pagsasagawa ng intake;
- kapag ang CICL ay tumangging magsalita o nahihirapan ang barangay na makipag-usap sa bata; o
- kapag ang CICL ay may kapansanang pumipigil sa wastong komunikasyon at hindi pa available ang naaangkop na propesyonal (halimbawa, propesyonal para sa kalusugang pangkaisipan).

## Kailangan ba ang pisikal na presensiya ng PAO habang nasa kustodiya at iniinterbyu ang bata?

Mas kanais-nais ito, ngunit maaari kang magpatuloy sa pagsasagawa ng intake/interbyu ng bata kahit na walang abogado. Gayunpaman, ang presensiya ng PAO (o anumang legal na abogado) ay mandatoryo kung, anumang oras matapos dalhin ang CICL sa kustodiya, ang bata ay nagbigay ng anumang pahayag tungkol sa nagawang krimen/pagkakasala.

## Matapos matukoy ang pagkakasala at karampatang parusa, kailangang alamin ng barangay ang EDAD ng bata.

Tukuyin ang edad ng CICL sa loob ng walong oras mula sa oras na dinala ang bata sa kustodiya. Ang pagtukoy sa edad sa loob ng walong oras (base sa anumang ebidensiya o available na basehan) ay kailangan para mai-refer ang kaso sa tamang awtoridad.

## Ano ang mga importanteng edad na dapat tandaan?

Una, kumpirmahin na ang taong dinala sa kustodiya ay talagang “bata” o taong mas bata sa edad na 18 taong gulang.

Pangalawa, maingat na tukuyin ang eksaktong edad kapag sinabi ng bata na siya ay “15 taong gulang.” Magkaiba ang trato ng batas sa batang “labinlimang (15) taong gulang pababa” at “higit sa labinlimang (15) taong gulang” sa panahon na kaniyang ginawa ang pagkakasala.

Samakatuwid, kailangan ang maingat na pagkilala sa pagitan ng bata na 15 taong gulang pababa **AT** batang higit sa 15 taong gulang.

## Kailan itinuturing na ang bata ay “labinlimang (15) taong gulang” at “higit sa labinlimang (15) taong gulang”?

Ang CICL ay maaari lamang ituring na “labinlimang (15) taong gulang” kung ang araw na kaniyang ginawa ang pagkakasala ay ang ikalabinlimang anibersaryo ng petsa ng kapanganakan ng bata (o ang kaarawan ng CICL).

Kapag ang bata ay labinlimang (15) taon at isang (1) araw na gulang sa araw ng ginawa ang pagkakasala, ang CICL ay itinuturing nang “higit sa labinlimang (15) taong gulang”.

**“Ako ay 15 taong gulang,” sabi ng bata.** Kapag ang CICL ay nagsabi na siya ay “15 taong gulang”, mas mabuting alamin ang kaarawan ng CICL (at sundin ang mga alituntunin sa itaas).

Isulat sa Intake Form ang basehan sa pagtukoy ng edad. Sakaling may duda hinggil sa edad ng bata, dapat itong resolbahin pabor sa minorya.

## Ano ang basehan upang matukoy ang edad ng bata?


Ang edad ay dapat batay sa mga dokumentong nagpapakita ng patunay ng edad ng bata tulad ng:

- sertipiko ng kapanganakan
- sertipiko ng binyag
- mga rekord sa paaralan
- mga medikal o dental na record
- mga dokumento sa paglalakbay
- iba pang may kinalamang dokumento na maaaring magpakita ng edad

## Paano kung hindi available ang mga dokumentong ito sa loob ng walong oras matapos dalhin ang CICL sa kustodiya?

Kung hindi makuha ang alinman sa mga dokumento o ang nakabinbing resibo ng mga nasabing dokumento, gumamit ng ibang paraan upang matukoy ang edad katulad ng:

1. interbyuhin ang bata at kunin ang impormasyong nagsasaad ng edad (halimbawa, petsa ng kapanganakan, antas sa paaralan);
2. interbyuhin ang mga taong may alam sa edad ng bata (halimbawa, mga kamag-anak, kapitbahay, guro, kamag-aral);
3. suriin ang pisikal na anyo (halimbawa, tangkad, pangangatawan) ng bata; at
4. kumuha ng iba pang ebidensiyang may kaugnayan sa edad.



## Paano kung may mga duda sa edad ng CICL?

Kung ang mga dokumentong nagsasaad ng edad ay hindi pa available at ang tanging paraan (pansamantala) upang matukoy ang edad ay ang pag-interbyu sa batang dinala sa kustodiya, paniwalaan ang sinabing edad ng bata (kahit na may mga duda ka batay sa pisikal na anyo ng bata). **Sakaling may duda sa edad ng bata, dapat itong resolbahin pabor sa pagka-menor de edad ng bata.**

Batay sa representasyon ng bata, tukuyin muna ang edad nang pansamantala para malaman kung saan ire-refer ang kaso ng CICL sa loob ng walong oras mula sa paunang kontak. Ang barangay ay maaari pa ring magpatuloy sa paghahanap ng karagdagang ebidensiya sa edad matapos ang walong oras at ipaalam sa mga susunod na hahawak sa kaso ang anumang pagbabago sa pagtukoy sa edad matapos makuha ang mga dokumento.

(Tingnan ang KAHON A para sa halimbawa ng kompletong Intake Form at KAHON B para sa halimbawa ng kompletong Form ng Reklamo)

**KAHON A**
**Halimbawa: Kompletong BCPC Form 1 (INTAKE FORM)**

BCPC Form No. 1

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng ____________
Lungsod/Munisipalidad ng ____________
Barangay ____________

**INTAKE FORM PARA SA BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**

**I. Profile ng Bata:**

Pangalan: Mark Lester Chavez Palayaw/Alyas: Mark Edad: 16
Sex: Lalaki Kasarian: ______ Araw ng Kapanganakan: Nobyembre 29, 1999
Lugar ng Kapanganakan: Quezon City
Tirahan: 1439 Corregidor St., Barangay 2, Quezon City
Antas ng Edukasyon: 3rd year High School

**II. Background ng Pamilya**

| Pangalan | Relasyon | Sex | Edad | Katayuang Sibil | Antas ng Edukasyon | Trabaho/Kita | Mga Obserbasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Joselito | Ama | Lalaki | 35 | M | H.S. Grad | Tricycle driver / 300/araw | |
| Rosalie | Ina | Babae | 37 | M | H.S. Grad | Housewife | |
| Jolle Marie | Kapatid na babae | Babae | 14 | S | 2nd yr HS | | |
| Justine Rochel | Kapatid na lalaki | Lalaki | 5 | S | Kinder | | |
| Jacki | Kapatid na babae | Babae | 3 | S | | | |

**III. Estado ng Kaso:**

Kategorya ng batang sangkot:
■ Children in Conflict with the Law (CICL)
☐ Child at Risk (CAR) (I-tsek ang alinmang naaangkop)
______ Pinabayaan ______ Inabandona
______ Ulila ______ Inabuso

Lugar at petsa ng diumano'y nagawang pagkakasala: Barangay 2, Quezon City, Mayo 24, 2016
Kaso/Pagkakasala: Ibinibintang na pisikal na injury
Pangalan ng Opisyal na Dumakip: PO3 David Dalisay
Opisina ng Opisyal na Dumakip: Police Station 6, Quezon City
Contact Number: xxxxxxxx
Lugar kung saan sinagip: Barangay 2, Quezon City Petsa at Oras: Mayo 24, 2016 bandang 10 ng gabi

**IV. Rekord ng (mga) nakaraang pagkakasala o paglabag na ginawa, kung mayroon (mangyaring isaad):**

| Pagkakasala | Estado ng Kaso | Panahon ng Pagpapatupad | Panahong Saklaw |
|---|---|---|---|
| N/A | | | |

**V. Mga obserbasyon/iba pang makabuluhang impormasyon, halimbawa, pisikal na anyo, (mga) marka ng pagkakakilanlan sa katawan, atbp.**

- Si Mark Lester ay may katamtamang pangangatawan at maputing balat
- Walang mga senyales ng panlabas na pisikal na injury sa panahon ng interbyu

**VI. Ginawang Aksiyon, kung mayroon (mangyaring tukuyin):**

- Magsagawa ng intake interview sa menor de edad kasama ang kaniyang mga magulang
- Kumuha ng kopya ng NSO Birth Certificate para sa pagtukoy ng edad
- Ipaalam sa LSWDO o PSWDO at PAO
- I-refer sa Ospital para sa medikal/pisikal na eksaminasyon
- I-refer sa WCPD para sa wastong disposisyon at sa LSWDO o PSWDO para sa pagsusuri ng discernment

**VII. Pangunahing Impormasyon ng Nagrereklamo:**

Pangalan: Francis Aspa Palayaw/Alyas: Boy Edad: 17 Sex: Lalaki
Tirahan: 1865 Corregidor, Barangay 2, Quezon City

Petsa at oras nang matapos: Mayo 24, 2016, 11:00 ng gabi

____________________
Pangalan at Lagda ng Tagadala ng Tungkulin

____________________
Pangalan at Lagda ng CICL
Petsa: ____________

____________________
Pangalan at Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga
Petsa: ____________

# KAHON B
## Halimbawa: Kompletong BCPC Form 2 (FORM NG REKLAMO)

BCPC Form No. 2

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng NCR
Lungsod/Munisipalidad ng Quezon City
Barangay 2

**FORM NG REKLAMO NG BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**

| Francis Aspa<br>Ginang Marilou Aspa | -laban kay- | Mark Lester Chavez |
|---|---|---|
| Nagrereklamo | | CICL |
| 1439 Corregidor St., Brgy. 2, Quezon City | | 1865 Corregidor St., Brgy. 2, Quezon City |
| Tirahan | | Tirahan |

**REKLAMO**

Ako/Kami ay narito para magsampa ng reklamo laban sa pangalang nasa itaas dahil sa kaniyang paglabag sa aking/aming karapatan at mga interes sa mga sumusunod na pamamaraan:

Noon ika-24 ng Mayo 2016, mga ala 10:00 ng gabi, habang pauwi ako ng bahay galing sa mga kaibigan ko, nakita ko pong nakatambay si Mark Lester Chavez sa may Corregidor Street. Inakbayan n'ya po ako at sinabing ako raw po ang gumulpi sa kaibigan n'ya. Pumiglas po ako sa pagkaka-akbay sa akin, ngunit bigla n'ya nalang po ako pinagsusuntok. Mabuti nalang po may nag-roroving na mga pulis.

DAHIL DITO, AKO/KAMI ay nagdarasal na ang mga sumusunod na (mga) tulong ay ipagkaloob sa akin/amin alinsunod sa batas at/o katarungan:

Maiproseso nang maayos ang aking reklamo laban kay Mark Lester Chavez para mapanagutan n'ya ang kaniyang ginawa sa akin.

Ginawa ngayong ika-24 ng Mayo, 2016.

Francis Aspa
Lagda ng Nagrereklamo

| Mark Lester Chavez | Rosalie Chavez |
|---|---|
| Pangalan at Lagda ng CICL | Pangalan at Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga |

Natanggap at isinampa ngayong ika-25 ng Mayo, 2016.

**FRANCISCO VALLE**
Punong Barangay

## Bakit importanteng malaman ang edad ng bata (kahit pansamantala)?

Ang edad ng CICL sa panahong kaniyang ginawa ang pagkakasala ay matutulungan kang:

- malaman kung paano ipagpapatuloy ang kaso ng CICL; at
- matukoy kalaunan kung saan ililipat ang CICL

## Kapag natukoy na ang bata ay 15 taong gulang pababa:

Agad na sumangguni sa Kabanata 3 ng Manwal na ito (Pahina 42) at sundin ang partikular na pamamaraang nakadetalye sa Kabanatang iyon kasama ang LSWDO o PSWDO.

Ang CICL na 15 taong gulang pababa ay kuwalipikado para sa INTERVENTION PROGRAM at ididetalye ng Kabanata 3 kung:

- anong uri ng intervention program mapasasailalim ang bata; at
- kaninong pisikal na kustodiya ililipat ang CICL.

## Agad mo bang ibabalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang matapos matukoy na ang CICL ay 15 taong gulang pababa?

Hindi. Bago ilipat ang pisikal na kustodiya sa mga magulang/tagapag-alaga, dapat mo munang alamin kasama ng LSWDO o PSWDO kung may mga partikular na kondisyon o pangyayari na hindi magpapahintulot sa paglipat ng pisikal na kustodiya ng bata sa mga magulang/tagapag-alaga. Kunin ang **Flowchart B-1** at tingnan muli ang **Kabanata 3** bilang gabay kung anong mga tanong ang dapat sagutin bago ibalik ang bata sa mga magulang o tagapag-alaga.

## Kung ang bata ay higit sa 15 taong gulang ngunit mas bata sa 18 taong gulang:

Gawin ang dalawang bagay:

1. ilipat agad ang pisikal na kustodiya ng bata sa LSWDO o PSWDO (para sa pagsusuri ng LSWDO o PSWDO kung ang bata ay may discernment noong nagawa ang pagkakasala) pagkatapos ng medikal na eksaminasyon; **at**

2. hintayin ang paunang pagsusuri ng LSWDO o PSWDO sa presensiya o kawalan ng discernment ng CICL sa panahong nagawa ang pagkakasala.

***Tingnan* ang KAHON C upang mas maintindihan ang tungkol sa pagsusuri ng discernment.**

Ang paunang imbestigasyon sa batang higit sa 15 taong gulang ay hindi pa kompleto kapag wala pa ang pagsusuri ng LSWDO o PSWDO kung kumilos ang CICL nang may discernment o wala.

**KAHON C**
**Kung ang CICL ay higit sa 15 taong gulang,**
**susuriin ng <u>LSWDO o PSWDO</u> kung ang bata ay kumilos nang may discernment**

**Kung ang CICL ay higit sa 15 taong gulang:**

1. ilipat agad ang pisikal na kustodiya ng bata sa LSWDO o PSWDO (para sa pagsusuri ng LSWDO o PSWDO kung ang bata ay may discernment noong nagawa ang pagkakasala) pagkatapos ng eksaminasyon; at
2. hintayin ang paunang pagsusuri ng LSWDO o PSWDO sa presensiya o kawalan ng discernment ng CICL

**Ano ang ibig sabihin ng pagsusuri sa discernment?**

Sinusuri ng LSWDO o PSWDO kung ang CICL ay may, sa panahong ginawa ang pagkakasala, kapasidad na maintindihan ang pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali, at ang mga kahihinatnan nito.

! Ang paunang pagsusuri kung ang bata ay kumilos nang may discernment o wala ay gagawin ng <u>LSWDO o PSWDO, **hindi ng barangay**</u>.

**Habang hinihintay ang pagsusuri ng LSWDO o PSWDO, ano ang gagawin ng barangay?**

Ang barangay ay patuloy na pangangasiwaan ang kaso ng bata at maaari pa ring ipagpatuloy ang ibang aspekto ng imbestigasyon (pag-iinterbyu ng mga saksi, pangangalap ng mga dokumento at ebidensiya) kung kinakailangan. Ibig sabihin, ang pisikal na kustodiya ng CICL (na higit sa 15 taong gulang) ay ililipat pa rin sa LSWDO o PSWDO bago matapos ang walong oras kahit na hindi pa kompleto ang imbestigasyon sa nagawang sala.

**Gaano katagal makokompleto ng LSWDO o PSWDO ang pagsusuri sa discernment? At kanino ibibigay ang pagsusuri?**

Ang LSWDO o PSWDO ay may pitong araw ng trabaho upang makompleto at maipasa ang ulat na naglalaman ng paunang pagsusuri kung ang bata ay kumilos nang may discernment o wala. Ang ulat na ito ay ibibigay ng LSWDO o PSWDO sa barangay na humahawak sa kaso ng CICL.

**NGUNIT** may mga pagkakataong ipinapasa ng barangay ang kaso ng CICL sa piskal. Sa kabila nito, kailangan pa ring makuha ng barangay ang ulat ng LSWDO o PSWDO sa pagsusuri sa discernment para makompleto ang ulat nito tungkol sa CICL.

**Bakit kailangang magsagawa ng pagsusuri kung may discernment ba ang CICL?**

Ang paunang pagsusuri sa discernment ang tutukoy kung ang CICL na higit sa 15 taong gulang ay:

- sasailalim sa intervention program (kung walang discernment); O
- sasailalim sa diversion (kung may discernment).

**Matapos matanggap ang LSWDO o PSWDO Report na ang batang higit sa 15 taong gulang ay kumilos nang may discernment, anong kasunod?**

Matapos matanggap ang LSWDO o PSWDO Report, kompletuhin ang paunang imbestigasyon at humandang i-refer ang CICL para sa diversion.

Upang malaman kung saan ire-refer ang kaso, tingnan muli ang diumano'y nagawang pagkakasala ng CICL at ang karampatang parusa upang matukoy kung sinong awtoridad ang mangangasiwa sa mga diversion proceeding ng CICL (na higit sa 15 taong gulang at may discernment noong ginawa ang pagkakasala). ***Tingnan*** **ang KAHON D upang malaman kung saan ire-refer ang kaso ng batang kumilos nang may discernment.**

**KAHON D**
**Kung ang CICL ay higit sa 15 taong gulang at kumilos nang may discernment, saan ire-refer ang kaso ng bata**

| Kung ang bata ay nakagawa ng: | I-refer ang kaso ng CICL sa awtoridad ng diversion na ito: |
|---|---|
| pagkakasalang may kaparusahang 6 na taon pababa | Punong Barangay<br>(diversion sa lebel ng Katarungang Pambarangay)<br>O<br>Pulisya<br>(diversion sa lebel ng pagpapatupad ng batas) |
| pagkakasala na walang biktima | LSWDO o PSWDO / Social Worker<br>(diversion sa lebel ng LSWDO o PSWDO) |

**TANDAAN:** Ang pagre-refer ng kaso ng CICL para sa diversion ay iba sa paglilipat ng pisikal na kustodiya ng bata.

**Matapos matanggap ang LSWDO o PSWDO Report na ang batang higit sa 15 taong gulang ay kumilos nang walang discernment, anong kasunod?**

Agad na tingnan ang Kabanata 3 ng Manwal na ito (Pahina 42) at sundin ang mga partikular na nakadetalyeng paraan sa Kabanatang iyon (at Flowchart B-2) kasama ang LSWDO o PSWDO.

Ang CICL na 15 taong gulang pababa na kumilos nang walang discernment ay kuwalipikado para sa Intervention Program at idedetalye ng Kabanata 3 kung:

- anong uri ng intervention program mapasasailalim ang bata; at
- kaninong pisikal na kustodiya ililipat ang CICL.

**Dapat bang agad na ibalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang matapos makuha ang LSWDO o PSWDO Report na ang CICL na higit sa 15 taong gulang ay kumilos nang walang discernment noong nagawa ang pagkakasala?**

Hindi. Bago ilipat ang pisikal na kustodiya sa mga magulang/tagapag-alaga, dapat mo munang alamin kasama ng LSWDO o PSWDO kung may mga partikular na kondisyon o pangyayari na hindi papahintulutan ang paglipat ng pisikal na kustodiya ng bata sa mga magulang/tagapag-alaga. Kunin ang Flowchart B-1 at tingnan muli ang Kabanata 3 bilang gabay kung anong mga tanong ang dapat sagutin bago ibalik ang bata sa mga magulang o tagapag-alaga.

**Paano kung ang biktima o nasaktang partido ay hindi sumang-ayon sa iyong natukoy na edad ng CICL?**

Kung ang nasaktang partido (o sinumang tao) ay naniniwalang ang diumano'y CICL ay hindi menor de edad (o ang bata ay hindi 15 taong gulang pababa), payuhan ang nasaktang partido na magsampa sa Family Court ng kaso sa summary proceeding para sa pagtukoy ng edad ng bata.[1]

**Bukod sa pangunahing personal na katayuan ng bata, mayroon pa bang anumang dapat tandaan?**

Bilang bahagi ng interbyu, obserbahan kung may mga indikasyon na ang bata ay pinabayaan, inabandona, ulila, o inabuso. Isang malinaw na indikasyon na naranasan ito ng bata ay kapag hindi mahanap ang mga magulang o tagapag-alaga.



[1] Kung ang kaso ay naisampa na laban sa CICL at nakabinbin sa Korte, maaaring magsampa ang isang tao ng motion para matukoy ang edad ng bata sa parehong Korte kung saan nakabinbin ang kaso. Dahil nakabinbin ang hearing ng nasabing motion, ang mga proceeding sa pangunahing kaso ay masususpende. (Alituntunin 35.d, IRR)

## Ikatlong bahagi : Med-T-R

**Anong ibig sabihin ng "Med-T-R"?**

1. Siguraduhing ang bata ay:

   a. Dinala sa tamang medikal at health officer para sa **(Medical)** medikal na eksaminasyon; at
   b. **(Turned over)** Inilipat sa tamang partido sa loob ng 8 oras.

at

2. Kompletuhin ang **(Report)** Ulat sa Paunang Imbestigasyon.

Id-Ex-Reg-In + Form-OA + **Med-T-R**

Kahit na hindi mo pa tapos sagutan ang Intake Form, maaari mo munang dalhin ang bata sa medikal na eksaminasyon ngunit siguraduhing makokompleto nang tama ang Intake Form.

Kung sa unang kontak sa CICL ay kitang-kita na may pisikal na injury ang bata, maaari kang dumiretso sa medikal/health officer bago pumunta sa istasyon ng barangay.

**Bakit mahalaga ang medikal na eksaminasyon sa loob ng walong oras mula sa paunang kontak sa bata?**

- upang may taong magpatotoo kung ang ibinibintang na nagawang pagkakasala o kung ang pagdala sa kustodiya ay may epekto sa pisikal o mental na kondisyon ng bata;
- upang masiguro na makakukuha ng sapat na tulong/atensiyong medikal ang bata; at
- upang maprotektahan ang opisyal ng barangay mula sa anumang akusasyon ng pagpapabaya, pang-aabuso, o paggamit ng dahas sa bata

**Pagdadala ng bata sa medikal/health officer**

Matapos dalhin ang bata sa kustodiya, agad na dadalhin ang bata sa wastong medikal/health officer para sa masusing pisikal at mental na pagsusuri. Kung kailangan ng medikal na paggamot, ang mga hakbang para maibigay ito ay agad na gagawin.

## Sino ang "medikal o health officer" na itinalaga ng batas?

Para sa pisikal at mental na eksaminasyon ng CICL, dalhin ang bata sa:



- kahit anong klinika, health center, o ospital ng gobyerno kung saan maaaring may available na health officer; o
- kahit anong pribadong ospital o klinika kung saan maaaring may available na propesyonal na medikal na sertipiko

## Kailangan pa rin bang isailalim ang bata sa medikal na eksaminasyon kahit na walang nakikitang pisikal na injury?

Oo, ang pagsasailalim sa CICL sa pisikal at mental na eksaminasyon sa loob ng walong oras ay kailangan ayon sa batas.

## Sa loob ng 8 oras mula sa pagkuha sa kustodiya, kailangang ilipat ang CICL sa wastong partido. Ano ang ibig sabihin ng PAGLIPAT?

Ang ibig sabihin ng "paglilipat" ay ang pagbibigay ng pisikal na kustodiya.

## At kanino ILILIPAT ang bata?

Nakadepende ito sa kung ano ang edad ng bata at nagawang pagkakasala ng CICL. *Tingnan* ang KAHON E para malaman kung ano ang mga susunding paraan upang matukoy kung saan ililipat ang pisikal na kustodiya ng bata.

> Kung ang CICL ay mas bata sa 15 taong gulang, huwag agad ibalik sa pangangalaga ng mga magulang. Tingnan muna ang Kabanata 3 kung sino ang makakukuha sa pisikal na kustodiya ng bata. Dapat **makipagtulungan ang barangay sa LSWDO o PSWDO para malaman kung saan ibibigay ang pisikal na kustodiya ng CICL.**

**KAHON E**
**Saan ililipat ang pisikal na kustodiya ng CICL**
**(Tingnan sa KABANATA 3!)**

| **Kung ang CICL ay:** | **Upang matukoy kung saan ililipat ang pisikal na kustodiya ng bata matapos gamitin ang Flowchart A:** |
|---|---|
| 15 taong gulang pababa noong ginawa ang pagkakasala | Gamitin ang Flowchart B-1 at sumangguni sa Kabanata 3 ng Manwal na ito |
| Higit sa 15 taong gulang noong ginawa ang pagkakasala at napag-alamang kumilos nang walang discernment | Gamitin ang Flowchart B-2 at sumangguni sa Kabanata 3 ng Manwal na ito |
| Higit sa 15 taong gulang noong ginawa ang pagkakasala at napag-alamang kumilos nang may discernment | Sumangguni sa Kabanata 4 ng Manwal na ito at gamitin ang Flowchart C-1 kung ang barangay ay ang naaangkop na awtoridad para sa diversion |

Ipinapakita ng mga nakalistang flowchart at katumbas na mga kabanata sa itaas ang mga hakbang na gagawin at mga dapat isaalang-alang bago wastong matukoy kung saan ililipat ang pisikal na kustodiya ng bata.

**TANDAAN**

Maaari lamang kompletuhin ng barangay ang ulat sa intake at paunang imbestigasyon sa CICL kapag nasunod ang mga flowchart (at ang katumbas na mga kabanata) sa itaas.

## Hanggang kailan maaaring manatili sa barangay ang pisikal na kustodiya ng bata?

Kompleto man o hindi ang Paunang Imbestigasyon, dapat ilipat ng barangay ang pisikal na kustodiya sa naaangkop na tao (na makikita sa nakalistang mga Flowchart at Kabanata sa itaas) sa loob ng walong oras matapos makuha ang kustodiya ng bata.

## Paano kung matapos ang 8 oras, at hindi makontak ang magulang/tagapag-alaga/kamag-anak o ang LSWDO o PSWDO?

May mga pagkakataong nadadala sa kustodiya ang bata nang gabi o katapusan ng linggo at ang magulang/tagapag-alaga/kamag-anak ng bata o ang LSWDO o PSWDO ay hindi agad makontak. Sa mga ganitong kaso kung saan nakabinbin ang paglipat ng kustodiya ng bata, ang mga sumusunod ay maaaring gawin:


1. Pansamantalang ilagay ang bata sa isang lugar na hiwalay mula sa kasalungat na kasarian at matatandang nagkasala hanggang maibigay ang bata sa magulang o LSWDO o PSWDO; o

2. Pansamantalang maaaring ilipat ang pisikal na kustodiya ng bata sa mga sumusunod:

    - nakarehistrong NGO (mga lisensiyado at akreditado ng DSWD);
    - mga organisasyong batay sa relihiyon
    - opisyal ng barangay; o
    - miyembro ng BCPC

## At panghuli, kompletuhin ang ULAT sa kaso ng CICL

Ang Ulat ng Barangay sa intake ng bata at sa paunang imbestigasyon ng diumano'y ginawang pagkakasala ng CICL ay dapat makompleto para malaman kung sino ang kukuha sa kaso at kung sino ang magpapatuloy sa pangangasiwa ng kaso ng bata.






## Ano ang pinakamahahalagang impormasyon na dapat makita sa Ulat ng Barangay? At sino ang gagamit ng Ulat na ito matapos makompleto ang intake at imbestigasyon?

Dapat malinaw na nakasaad sa Ulat ng Barangay ang impormasyon sa baba dahil kailangan ito ng mga tagadala ng tungkulin na siyang susunod na hahawak sa CICL (tingnan ang Kahon F).

**KAHON F**
**Ano ang dapat na nilalaman ng Ulat ng Barangay at sino ang makakukuha ng kopya**

| Kung ang CICL ay: | Dapat nakalagay at malinaw na nakasaad sa Ulat ng Barangay na: | Ang kopya ng Ulat ng Barangay ay ibibigay sa/kay: |
|---|---|---|
| Ang CICL ay 15 taong gulang pababa noong ginawa ang pagkakasala | Kompletong BCPC Form 1 (at kasamang ulat ng imbestigasyon) kung saan dapat malinaw na nakasaad ang:<br>• edad ng CICL<br>• basehan sa pagtukoy ng edad<br>• nagawang pagkakasala (may kasamang pagsasaad kung mabigat ang pagkakasala)<br>• kung ang bata ay nagkasala na noon at sumailalim na sa intervention program | Para sa LSWDO o PSWDO.<br><br>Ang LSWDO o PSWDO, sa koordinasyon ng BCPC, ay tutukuyin ang naaangkop na kustodiya at intervention para sa bata.<br><br>(Tingnan ang Kabanata 3 at Flowchart B-1) |
| Ang CICL ay higit sa 15 taong gulang noong ginawa ang pagkakasala at napag-alamang kumilos nang walang discernment | Kompletong BCPC Form 1 (at kasamang ulat ng imbestigasyon) kung saan dapat malinaw na nakasaad ang:<br>• edad ng CICL<br>• basehan sa pagtukoy ng edad<br>• nagawang pagkakasala (may kasamang pagsasaad kung mabigat ang pagkakasala)<br>• kung ang bata ay nagkasala na noon at sumailalim na sa intervention program<br><br>Kalakip na LSWDO o PSWDO Report na nagpapakita ng pagsusuri na ang CICL ay kumilos nang walang discernment noong ginawa ang pagkakasala | Para sa LSWDO o PSWDO.<br><br>Ang LSWDO o PSWDO, sa koordinasyon ng BCPC, ay tutukuyin ang naaangkop na kustodiya at intervention para sa bata.<br><br>(Tingnan ang Kabanata 3 at Flowchart B-1) |
| Ang CICL ay higit sa 15 taong gulang noong ginawa ang pagkakasala at napag-alamang kumilos nang may discernment | Kompletong BCPC Form 1 (at kasamang ulat ng imbestigasyon) kung saan dapat malinaw na nakasaad ang:<br>• edad ng CICL<br>• basehan sa pagtukoy ng edad<br>• nagawang pagkakasala (may kasamang pagsasaad kung mabigat ang pagkakasala)<br>• kung ang bata ay nagkasala na noon at sumailalim na sa intervention program | Para sa naaangkop na awtoridad para sa diversion<br>1. Punong Barangay, Pulisya, o LSWDO o PSWDO (para sa layuning matukoy kung ang diversion ang kanais-nais para sa bata); O<br>2. Ang piskal kung ang karampatang kaparusahan para sa ibinibintang na |

**KAHON F**
**Ano ang dapat na nilalaman ng Ulat ng Barangay at sino ang makakukuha ng kopya?**

| | | |
|---|---|---|
| | Kalakip na LSWDO o PSWDO Report na nagpapakita ng pagsusuri na ang CICL ay kumilos nang may discernment noong ginawa ang pagkakasala | pagkakasala ng bata ay higit sa anim na taon (para sa layuning umusad ang kaso) |

## Ano ang bumubuo sa kompletong ulat mula sa BCPC?

Ang Ulat ng Barangay ay itinuturing nang kompleto kung naglalaman ito ng mga sumusunod na dokumento:

1. Intake Form (BCPC Form No. 1)
2. Ang Form ng Reklamo kung mayroong pribadong mamamayang nagreklamo o nagsumbong sa CICL sa barangay (Tingnan ang BCPC Form No. 2)
3. Ang Referral Form bilang pabalat na pahina (BCPC Form No. 3) na nakapangalan sa taong mag-aasikaso sa kaso ng bata (halimbawa, ang LSWDO o PSWDO). Nakabuod sa Referral Form ang impormasyon tungkol sa kaso at nakalakip dito ang Intake Form, Complaint Form, at Feedback Form (na katulad ng inilarawan sa ibaba).
4. Ang Feedback Form (BCPC Form No.4) ay ilalakip sa Referral Form para maisulat ang iba pang impormasyon noong hawak ng barangay ang bata.

(Tingnan ang KAHON G para sa halimbawa ng kompletong Referral Form at KAHON H para sa halimbawa ng kompletong Feedback Form)

## KAHON G
## Halimbawa: Kompletong BCPC Form 3 (REFERRAL FORM)

BCPC Form No. 3

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng NCR
Lungsod/Munisipalidad ng Quezon City
Barangay 2

**BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**REFFERAL LETTER / FORM**

Petsa: Mayo 25, 2016

**Ang Tagapangulo**
Opisina ng Social Welfare Department
Quezon City

Ma'am/Sir:

Nais po naming i-refer sa inyong opisina ang menor de edad na si MARK LESTER CHAVEZ, 16 taong gulang, at residente ng 1439 Corregidor St., Barangay 2, Quezon City, para sa disposisyon ng kaso at pagsusuri ng discernment.

Ang nabanggit na menor de edad ay nasangkot sa bintang na kasong Pisikal na Pananakit laban kay Francis Aspa, 17 taong gulang, ng 1865 Corregidor St., Barangay 2, Quezon City. Nangyari ang insidente nang mga 10:00 ng gabi noong Mayo 24, 2016, sa Corregidor St., Brgy. 2, Quezon City.

Malugod naming inaasahan ang inyong mabilis na pagtugon at aksiyon.

Lubos na gumagalang,

**FRANCISCO VALLE**
Punong Barangay

## KAHON H
## Halimbawa: Kompletong BCPC Form 4 (FEEDBACK FORM)

BCPC Form No. 4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng NCR
Lungsod/Munisipalidad ng Quezon City
Barangay 2

**BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**FEEDBACK FORM**

Petsa: Mayo 25, 2016

**I. Pangalan ng Ahensiya/LGU kung saan ni-refer ang bata:** Mapagkalinga Youth Home

**Petsa ng Referral:** Mayo 24, 2016

**II. Impormasyon sa Pagkakakilanlan**

Pangalan: Mark Lester Chavez Edad: 16
Sex: Male Kasarian: ____ Petsa ng Kapanganakan: Nobyembre 29,1999
Kategorya ng Kaso: ✓ Child in Conflict with the Law (CICL) ____ Child at Risk (CAR)
Tirahan: 1439 Corregidor St., Barangay 2, Quezon City
Contact Number: xxxxxxxxxxx

**III. Mga Ginawang Serbisyo**

- Nagsagawa ng intake interview sa menor de edad
- Nagsagawa ng pagbisita sa tahanan kasama ang mga magulang upang makakuha ng mga dokumento para sa pagtukoy ng edad ng menor de edad
- Sinamahan ang menor de edad at mga magulang sa medikal/pisikal na eksaminasyon

**IV. Mga Obserbasyon**

- Isinangguni ang kaso ng menor de edad sa PNP-WCPD para sa wastong disposisyon ng kaso at pisikal na inilipat ito sa Local Social Welfare Department Office - Makalinga Youth Home para sa pagsusuri ng discernment
- Walang nakaraang rekord ang menor de edad sa barangay

Inihanda ni:

**MARISSA CRUZ**
BCPC, Women's Desk

# KABANATA 3

## INTERVENTION PROGRAM AT KUSTODIYA NG CICL NA WALANG DISCERNMENT

# KABANATA 3

# INTERVENTION PROGRAM AT KUSTODIYA NG CICL NA WALANG DISCERNMENT

IHANDA ANG MGA SUMUSUNOD:

Flowchart B-1 (Annex B)
Talaan ng mga kontak (Annex F)
BCPC Form No. 1 (tulad ng ginamit sa Kabanata 2)

Gagamitin lamang ang kabanatang ito kapag naging kuwalipikado ang CICL sa isang interview program. Basahin muna ang Kabanata 2 bago gamitin ang Kabanatang ito.

Kuwalipikado sa intervention ang CICL sa dalawang pagkakataon gamit ang mga sumusunod na flowchart at mga sasaguting karampatang pangunahing katanungan. (Tandaan din kung saan sisimulang gamitin ang kabanatang ito.)

| Ang CICL na kuwalipikado sa intervention ay: | Gamitin ang Flowchart: | Simulang gamitin ang Kabanata mula sa: |
|---|---|---|
| A. labinlimang (15) taong gulang pababa sa panahong kaniyang ginawa ang krimen | Flowchart B-1 | Aytem 3.1 ng Kabanatang ito |
| B. higit sa labinlimang (15) taong gulang na kumilos nang walang discernment sa panahong kaniyang ginawa ang krimen | Flowchart B-2 | Aytem 3.1 at magpatuloy sa Aytem 3.4 ng Kabanatang ito (Pahina 42) |

## 3.1 MGA PANGUNAHING KATANUNGANG ITATANONG

Saklaw ng Kabanatang ito (kasama ang mga Flowchart B-1 o B-2) ang MGA PANGUNAHING KATANUNGANG makatutulong sa pagtukoy ng:

- kung anong uri ng <u>intervention program</u> sasailalim ang bata; at
- kung kaninoang <u>pisikal na kustodiya</u> ng CICL

Gagamitin mo ang Kabanatang ito at ang mga Flowchart B-1 o B-2 sa itaas <u>kasama</u> ang LSWDO o PSWDO!

**Kung ang CICL ay labinlimang (15) taong gulang pababa noong kaniyang ginawa ang krimen, itanong ang LIMANG PANGUNAHING KATANUNGAN:**

- "Higit sa labindalawang (12) taong gulang ba ang bata?"
  **AYTEM 3.2 SA PAHINA 45**
- "Gumawa ba ng mabigat na krimen ang bata?"
  **AYTEM 3.2.A SA PAHINA 46**
- "Ang bata ba ay paulit-ulit na nagkakasala o dati nang sumailalim sa isang intervention program?"
  **AYTEM 3.2.B SA PAHINA 47**
- "Ang bata ba ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado?"
  **AYTEM 3.3 SA PAHINA 49**
- "Nanganganib ba ang kaligtasan ng bata?"
  **AYTEM 3.4 SA PAHINA 51**

Sagutin ang lahat ng limang katanungan bago tukuyin ang KUSTODIYA at naaangkop na INTERVENTION PROGRAM para sa CICL na labinlimang (15) taong gulang pababa sa panahong kaniyang ginawa ang krimen

**Kung ang CICL ay higit sa labinlimang (15) taong gulang at kumilos nang walang discernment sa panahong kaniyang ginawa ang krimen, itanong ang DALAWANG PANGUNAHING KATANUNGAN:**

- "Ang bata ba ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado?"
  **AYTEM 3.3 SA PAHINA 49**
- "Nanganganib ba ang kaligtasan ng bata?"
  **AYTEM 3.4 SA PAHINA 51**

Sagutin ang dalawang katanungan para malaman kung sinong makakakuha ng KUSTODIYA at kung anong INTERVENTION PROGRAM ang ibibigay sa CICL na higit sa labinlimang (15) taong gulang at kumilos nang may discernment sa panahong kaniyang ginawa ang krimen

### Kailan dapat sagutin ang mga pangunahing katanungan sa itaas?

Mainam na dapat matukoy ang sagot sa mga pangunahing katanungan bago matapos ang walong oras mula noong kinuha ng barangay ang kustodiya.

### Kung hindi pa tapos sagutin ang mga pangunahing katanungan at natapos na ang walong oras, kanino mananatili ang pisikal na kustodiya ng bata?

Pagkatapos ng walong oras, mananatili sa LSWDO o PSWDO ang kustodiya ng bata habang hinihintay ang pasya kung naroon o wala ang mga kondisyon sa itaas.

## 3.2 "HIGIT BA SA LABINDALAWANG (12) TAONG GULANG ANG BATA SA PANAHONG KANIYANG GINAWA ANG KRIMEN?"

Kung ang CICL ay higit sa labindalawang (12) taong gulang (at labinlimang (15) taong gulang pababa) sa panahong kaniyang ginawa ang krimen, nakasaad sa batas ang ilang kondisyong pumipigil sa pagbabalik ng bata sa pangangalaga ng mga magulang.

Ang mga parehong dokumento o batayan sa pagtukoy ng edad na ginamit sa Kabanata 1 ay gagamitin para malaman kung higit sa labindalawang (12) taong gulang ang bata.

#### labindalawang (12) taong gulang pababa

**Higit pang aalamin ng BCPC kung:**

- Ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado (Tingnan ang katanungan sa Aytem 3.3); at
- Nanganganib ang kaligtasan ng CICL (Tingnan ang katanungan sa Aytem 3.4)

  [Laktawan ang mga katanungan sa Aytem 3.2.a at 3.2.b]

#### higit sa labindalawang (12) taong gulang

**Higit pang aalamin ng BCPC kung:**

- Ang CICL ay nakagawa ng mabigat na krimen (Aytem 3.2.a)
- Ang CICL ay paulit-ulit na nagkasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program (Aytem 3.2.b)
- Ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado (Aytem 3.3)
- Nasa panganib ang kaligtasan ng CICL (Aytem 3.4)

**Maaari bang ibigay ang kustodiya sa mga magulang kung ang bata ay labindalawang (12) taong gulang pababa?**

Hindi pa. Alamin pa kung ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado at kung nanganganib ang kaligtasan ng bata.

## 3.2.a "GUMAWA BA NG MABIGAT NA KRIMEN ANG BATA (NA HIGIT SA LABINDALAWANG (12) TAONG GULANG)?"

**Ano ang mga itinuturing na mabigat na krimen o pagkakasala?**

- Parricide;
- Murder;
- Infanticide;
- Kidnapping at serious illegal detention kung saan namatay o ginahasa ang biktima
- Pagnanakaw nang may homicide o rape;
- Destructive arson;
- Rape;
- Carnapping kung saan namatay o ginahasa ang drayber o nakasakay
- Mga pagkakasala sa ilalim ng Comprehensive Dangerous Drugs Act na may parusang pagkakakulong nang higit sa labindalawang (12) taon

**Sinong tutukoy kung mabigat na krimen o pagkakasala ba ang ginawang krimen ng CICL?**

Ang BCPC na nag-imbestiga kung ano ang pagkakasalang diumano'y ginawa ng CICL at ang katumbas na parusang ipapatupad ang siyang magsasabi kung ang CICL ay nakagawa ng mabigat na krimen tulad ng nakalista sa itaas.

**Kung seryoso ang sinasabing ginawang krimen, ang barangay ay:**

Hindi dapat hawakan ng barangay ang kaso ng isang CICL na diumano'y nakagawa ng mabigat na krimen. Ang WCPD ang hahawak sa kasong ito.

- dapat i-refer agad ang bata sa WCPD;
- dapat ipaalam sa LSWDO o PSWDO ang tungkol dito (upang makapaghain ng petisyon para sa involuntary commitment at gumawa ng mga hakbang para makabuo ng intervention program para sa CICL ang LSWDO o PSWDO); at
- hindi maaaring ibalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang o tagapag-alaga nito.

**Maaari bang ibigay ang kustodiya sa mga magulang kung hindi gumawa ng mabigat na krimen ang bata (na labindalawang (12) taong gulang pataas)?**

Hindi pa. Dapat matukoy pa rin ng barangay, kasama ng LSWDO o PSWDO, kung paulit-ulit na nagkakasala ang bata at dati nang sumailalim sa isang intervention program. Sagutin ang sumusunod na pangunahing katanungan sa Aytem 3.2.b.

Ang CICL na mahigit labindalawang (12) taong gulang (at labinlimang (15) taong gulang pababa) at gumawa ng mabigat na krimen ay:

- dadalhin sa Bahay Pag-Asa
- kung sasailalim sa Center-Based Intervention Program

Ang bata ay ilalagay sa ilalim ng pangangalaga at pangangasiwa ng isang espesyal na yunit sa ilalim ng Bahay Pag-Asa na tinatawag na Intensive Juvenile Intervention and Support Center (IJISC).

**Kapag ni-refer na sa pulisya ang kaso ng CICL (na gumawa ng mabigat na krimen), may gagawin pa rin ba ang BCPC?**

Kung hihilingin ng LSWDO o PSWDO, maaaring makilahok ang BCPC sa pagbubuo, pagsubaybay, at pagpapatupad ng intervention program para sa CICL.

## 3.2.b “PAULIT-ULIT BANG NAGKAKASALA AT DATI NANG SUMAILALIM SA ISANG INTERVENTION PROGRAM ANG BATA (NA MAHIGIT LABINDALAWANG (12) TAONG GULANG)?”

**Sinong tutukoy kung ang batang mahigit labindalawang (12) taong gulang (pero hindi lalagpas sa labinlimang (15) taong gulang) sa panahong kaniyang ginawa ang krimen ay paulit-ulit na nagkakasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program?**

Sa pagkakataong ito, magkatuwang na tutukuyin ng BCPC at LSWDO o PSWDO kung paulit-ulit na nagkakasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program ang CICL. Gagamitin ang mga nakaraang rekord ng barangay at ng LSWDO o PSWDO para malaman ito.

**Kung hindi paulit-ulit na nagkakasala at hindi pa sumailalim sa isang intervention program ang bata na higit sa labindalawang (12) taong gulang, maaari na bang itong ibalik sa pangangalaga ng mga magulang?**

Hindi pa. Tutukuyin pa ng LSWDO o PSWDO kung ang bata ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado.

(Pangunahing Katanungan sa ilalim ng Aytem 3.3)

**Kung paulit-ulit na nagkakasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program ang bata, ang barangay ay:**

- kailangang i-refer kaagad ang bata sa WCPD; at
- hindi maaaring ibalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang o tagapag-alaga nito.

> Hindi dapat hawakan ng barangay ang kaso ng isang CICL na paulit-ulit nang nagkasala at dating sumailalim sa isang intervention program. Ang WCPD ang hahawak ng kaso.

**Kapag na-refer na ang kaso ng CICL (na paulit-ulit na nagkakasala) sa pulisya, may gagawin pa rin ba ang BCPC?**

Maaaring hilingin ng LSWDO o PSWDO na makilahok ang BCPC sa intervention conference para sa CICL.

*Maaari* ding hingin ng LSWDO o PSWDO ang payo ng BCPC at iba pang stakeholder sa pagtukoy kung ikabubuti ng bata ang malagay sa isang Bahay Pag-Asa o ibalik sa pangangalaga ng kaniyang magulang/tagapag-alaga.

> Sa kasong ito ng paulit-ulit na nagkakasala, ang LSWDO o PSWDO (hindi ang BCPC) ang magpapasya kung sinong makakakuha ng pisikal na kustodiya ng CICL.

**Anong uri ng intervention program ang ibibigay sa CICL? May tungkulin pa rin ba ang BCPC?**



Kung napagpasyahan ng LSWDO o PSWDO na dalhin ang CICL sa isang Bahay Pag-Asa, sasailalim sa isang center-based intervention program ang bata.



Kung pinabalik ng LSWDO o PSWDO ang CICL sa pangangalaga ng mga magulang, sasailalim sa isang intensive community-based intervention program ang bata.

*Maaaring* hingin ng LSWDO o PSWDO ang payo ng BCPC sa paghahanda ng alinmang intervention program.

Kung ipinatupad ang isang intensive community-based intervention program, maaaring kailanganin ng LSWDO o PSWDO ang tulong ng BCPC sa pagsubaybay at pagpapatupad ng intervention program para sa CICL.

> Ang LSWDO o PSWDO ang mamamahala sa pagpapatupad at pagsubaybay sa intervention program ng bata.

## 3.3 "ANG BATA BA AY DEPENDENT, INABANDONA, PINABAYAAN, O ABUSADO?"

Sasagutin ang katanungang ito kung ang CICL ay:

1. mahigit labindalawang (12) taong gulang (at labinlimang (15) taong gulang pababa) sa panahong kaniyang ginawa ang krimen, pero hindi gumawa ng mabigat na krimen o hindi paulit-ulit na nagkakasalang sumailalim na sa isang intervention program; o

2. mahigit labinlimang (15) taong gulang at nalamang hindi kumilos nang may discernment sa panahong kaniyang ginawa ang krimen.

> Itong pangunahing katanungan ay sasagutin lamang ng LSWDO o PSWDO na may teknikal na kaalaman kung ang bata ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado.

## May tungkulin ba ang BCPC sa pagsagot ng katanungang ito?

Sa panahon ng pagpasok ng bata, maaaring tukuyin ng BCPC ang mga posibleng palatandaan na ang bata ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado. Dapat tandaan ang mga palatandaan o red flag sa intake form (na isasama sa file ng CICL) para tulungan ang LSWDO o PSWDO sa pagsusuri kung ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado.

## Kapag nasuri na ng LSWDO o PSWDO na dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado ang CICL, may gagawin pa rin ba ang BCPC?

Maaaring hilingin ng LSWDO o PSWDO na makilahok ang BCPC sa intervention conference para sa CICL.

*Maaari* ding hingin ng LSWDO o PSWDO ang payo ng BCPC at iba pang mga stakeholder sa pagtukoy kung ikabubuti ng bata ang mailagay sa isang Bahay Pag-Asa o ibalik sa pangangalaga ng magulang/tagapag-alaga nito.

## Anong uri ng intervention program ang ibibigay sa CICL? May tungkulin pa rin ba ang BCPC?



Kung napagpasyahan ng LSWDO o PSWDO na dalhin ang CICL sa isang Bahay Pag-Asa, sasailalim sa isang center-based intervention program ang bata.



Kung ibabalik ng LSWDO o PSWDO ang CICL sa pangangalaga mga magulang, sasailalim sa isang intensive community-based intervention program ang bata.

*Maaaring* hingin ng LSWDO o PSWDO ang payo ng BCPC sa paghahanda ng alinmang intervention program.

Kung ipinatupad ang isang intensive community-based intervention program, maaaring kailanganin ng LSWDO o PSWDO ang tulong ng BCPC sa pagsubaybay at pagpapatupad ng intervention program para sa CICL.

## Kung malaman ng LSWDO o PSWDO na hindi dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado ang CICL, maaari na bang ibalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang?

Hindi pa. Ang LSWDO o PSWDO, pagkatapos ng konsultasyon kasama ang BCPC, ay dapat ding alamin kung manganganib ba ang kaligtasan ng bata kung ibalik ang CICL sa komunidad.


## 3.4 "ANG BATA BA AY DEPENDENT, INABANDONA, PINABAYAAN, O ABUSADO?"

Magkatuwang na aalamin ng BCPC at LSWDO o PSWDO kung manganganib ba ang kaligtasan ng bata kapag pinabalik sa pangangalaga ng magulang/tagapag-alaga at sa komunidad.

**Ano ang dapat gawin kung nanganganib ang kaligtasan ng bata kapag bumalik na sa komunidad?**

Gagawin ng LSWDO o PSWDO ang kinakailangang aksiyon (hilingin sa mga magulang na boluntaryong ibigay ang bata o magsampa ng petisyon para sa involuntary commitment) upang mapanatili ang pansamantalang kustodiya ng bata sa DSWD o anumang NGO na handang kunin ang kustodiya ng bata.

Maaaring tumulong ang BCPC sa LSWDO o PSWDO na hikayatin ang mga magulang/tagapag-alaga na ibigay ang pansamantalang kustodiya ng bata sa DSWD o NGO.




**UPANG I-REVIEW:**

**Kailan maaaring ibalik sa pangangalaga ng mga magulang ang kustodiya ng CICL na labinlimang (15) taong gulang pababa o mahigit labinlimang (15) taong gulang pero kumilos nang walang discernment?**

Maaari lamang plaayain ang CICL sa kaniyang mga magulang o tagapag-alaga kapag hindi umiiral ang mga sumusunod na kondisyon:

- ang CICL ay mahigit labindalawang (12) taong gulang at gumawa ng mabigat na krimen
- ang CICL ay labindalawang (12) taong gulang at paulit-ulit na nagkakasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program
- ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado
- manganganib ang kaligtasan ng CICL kung ibabalik sila sa pangangalaga ng komunidad

Kung hindi nag-aplay ang mga sitwasyon na nasa itaas, maaari nang ibalik ang bata sa pangangalaga ng mga magulang o tagapag-alaga at sasailalim ang bata sa isang community intervention program.

**Sa ilang mga kasong hindi makuha ng mga magulang/tagapag-alaga ang pisikal na kustodiya ng CICL (ayon sa inilarawan sa kabanatang ito), saan ibibigay ang kustodiya ng bata?**

<table>
<tr><th>Ang CICL ay:</th><th>Ibigay ang pisikal na kustodiya sa:</th></tr>
<tr><td>Ang CICL ay higit sa labindalawang (12) taong gulang at gumawa ng mabigat na krimen</td><td>LSWDO o PSWDO at kalaunan ay sa Intensive Juvenile Intervention and Support Center (IJISC) ng "Bahay Pag-Asa" kung saan sasailalim sa isang center-based intervention program ang CICL</td></tr>
<tr><td>Ang CICL ay higit sa labindalawang (12) taong gulang at paulit-ulit na nagkakasala at dati nang sumailalim sa isang intervention program</td><td rowspan="2">LSWDO o PSWDO at kalaunan ay sa isang Bahay Pag-Asa kung saan sasailalim sa isang center-based intervention program ang CICL (Maliban kung: matukoy ng LSWDO o PSWDO na makabubuti sa bata na ibalik ang CICL sa pangangalaga ng mga magulang/tagapag-alaga at sumailalim sa community-based intervention program)</td></tr>
<tr><td>Ang CICL ay dependent, inabandona, pinabayaan, o abusado</td></tr>
<tr><td>Manganganib ang kaligtasan ng CICL kung pinabalik sa komunidad</td><td>LSWDO o PSWDO at kalaunan ay sa DSWD o anumang NGO na handang kunin ang pansamantalang kustodiya ng bata</td></tr>
</table>

**TANDAAN**

Ang LSWDO o PSWDO lamang (o mga social worker ng mga Bahay Pag-Asa) ang maaaring magsagawa ng Intervention Conference para sa isang CICL na labinlimang (15) taong gulang pababa o mahigit labinlimang (15) taong gulang pero kumilos nang walang discernment

# KABANATA 4
## DIVERSION NG CICL

Para sa CICL na mahigit labinlimang (15) taong gulang na kumilos nang walang discernment


| | |
|---|---|
| **Pahina 54** | 4.1<br>Pagtukoy sa kaangkupan ng diversion |
| **Pahina 55** | 4.2<br>Pangangasiwa sa mga Diversion Proceeding |
| **Pahina 60** | 4.3<br>Pagbubuo ng isang Diversion Contract |
| **Pahina 65** | 4.4<br>Pagpapatupad ng Diversion Program |

# KABANATA 4
# DIVERSION NG CICL

Gagamitin lamang ang kabanatang ito kapag ang CICL ay ni-refer sa diversion sa lebel na Katarungang Pambarangay dahil ang bata ay:

- mahigit labinlimang (15) taong gulang at natukoy ng LSWDO o PSWDO na kumilos nang may discernment sa panahong kaniyang ginawa ang pagkakasala; at
- nakagawa ng pagkakasala nang may parusang anim na taon at pababa

May apat na hakbang na dapat sundin sa ilalim ng Kabanatang ito:

1. Pagtukoy sa **kaangkupan** ng diversion
2. Pangangasiwa sa mga diversion **proceeding**
3. Pagbubuo ng diversion **contract**
4. Pagpapatupad ng isang diversion **program**

Sinong gagamit ng Kabanatang ito?

1. ang Punong Barangay bilang chairperson ng Katarungang Pambarangay; o
2. ang mga opisyal ng barangay o mga miyembro ng BCPC na itinalaga ng Punong Barangay kasama ang Lupong Tagapamayapa at ang mga sinanay na tumulong sa kanila.

**IHANDA ANG MGA SUMUSUNOD:**

Flowchart C-1 (Annex C)

File ng CICL mula sa panahon ng pagpasok

- Kung walang biktima ang ginawang pagkakasala ng bata: i-refer ang kaso sa LSWDO o PSWDO para sa diversion
- Kung may parusang mahigit anim na taon ang pagkakasalang ginawa ng bata: i-refer ang kaso sa WCPD para sa diversion

## 4.1 PAGTUKOY SA KAANGKUPAN NG DIVERSION

### Itanong muna: Angkop at kanais-nais ba ang diversion para sa CICL?

Bago simulan ang mga diversion proceeding, dapat munang matukoy ng BCPC kung angkop ba ang diversion para sa bata matapos:

- suriin ang kaso ng CICL; at
- kumonsulta sa LSWDO o PSWDO

**Ano ang mga bagay na dapat isaalang-alang para matukoy kung angkop at kanais-nais ang diversion?**

a. Katangian at kalagayan ng ipinaratang na pagkakasala;
b. Kadalasan at kalubhaan ng kilos;
c. Personal na sirkumstansiya ng bata (hal. edad, maturity, katalinuhan, naabot na antas ng edukasyon, atbp.);
d. Impluwensiya ng pamilya at kapaligiran sa paglaki ng bata;
e. Kabayaran para sa pinsala sa biktima;
f. Bigat ng ebidensiya laban sa bata;
g. Kaligtasan ng komunidad; at
h. Ikabubuti at kapakanan ng bata

Mandatoryo ang pagkonsulta sa LSWDO o PSWDO!

**Pagkatapos kumonsulta sa LSWDO o PSWDO, sa palagay ba ng BCPC na angkop o kanais-nais ang diversion para sa CICL?**

| | |
|---|---|
| **HINDI** | Itinuturing na tapos na ang mga diversion proceeding at maglalabas ng kaukulang dokumento ang diversion authority na magpapatunay sa naturang katotohanan at ibibigay ang mga tala ng kaso sa piskal. (Kung gayon, itigil ang paggamit sa Kabanatang ito.) |
| **OO** | Dapat bumuo ng diversion committee ang BCPC at simulan ang mga diversion proceeding gaya ng inilarawan sa Aytem 4.2. |

## 4.2 PANGANGASIWA NG MGA DIVERSION PROCEEDING

Una, buuin ang barangay committee!

## Sino-sino ang nasa diversion committee?

Pinamumunuan ng Punong Barangay ang diversion committee at maaaring kabilang ang:

- LSWDO o PSWDO
- Barangay Kagawad
- Miyembro ng Lupon Tagapamayapa
- Miyembro ng BCPC
- Punong Tanod
- Miyembro ng Task Force on Child and Youth Development
- Kinatawan ng NGO
- Presidente ng PTA
- Kinatawan ng mga organisasyong batay sa relihiyon


Hindi eksklusibo ang listahang ito. May opsiyon ang Punong Barangay na magmungkahi ng mga karagdagang miyembro ng diversion committee kung kinakailangan para maayos na makalikha at mapatupad ang isang diversion program.

## Anong ggagawin ng diversion committee?

1. Ipatawag ang mga diversion proceeding na pangunahing diyalogo ng CICL, mga magulang/tagapag-alaga ng bata, ang (mga) biktima (at mga magulang/tagapag-alaga ng biktima); at
2. Kalaunan, ang tulungan ang Punong Barangay sa pagtukoy ng mga angkop na programa para sa CICL at sa pamilya, at sa pagpapatupad ng diversion program.

## Sinong magpapadali ng mga diversion proceeding?

Ang Punong Barangay ang chairperson ng diversion committee pero maaari niyang italaga ang pagpapadali ng mga diversion proceeding sa isa pang miyembro ng diversion committee. **NGUNIT** ang Punong Barangay ang nananatiling may pananagutan sa anumang mangyayari sa mga proceeding.



## Kung tumangging makilahok o makipagtulungan ang biktima o nasaktang partido sa mga diversion proceeding, ano ang gagawin?

- tanungin ang nasaktang partido kung ano ang mga dahilan sa pagtangging lumahok;
- siguraduhing naintindihan ng nasaktang partido ang uri ng kaso at ang dahilan sa pagsasagawa ng diversion at hindi ng mga court proceeding;
- partikular na ipaliwanag sa nasaktang partido ang mga benepisyo ng pagpapatawad at diversion, at ang pangangailangang repormahin ang CICL sa loob ng komunidad, sa halip na sa mga detention home o rehabilitation center, kapag nagpahayag ng pagsisisi at handang humingi ng tawad mula sa nasaktang partido ang CICL;

- tiyakin sa nasaktang partido na ang LSWDO o PSWDO, kasama ang LGU at ang komunidad, ang responsable sa pagreporma at pagsubaybay sa CICL sa pamamagitan ng iba't ibang diversion program;

- ipaliwanag sa nasaktang partido kung ano ang mga posibleng kahihinatnan ng hindi paglahok sa mga proceeding

**Kung nagpasya ang nasaktang partido na hindi lumahok sa mga diversion proceeding, ang Punong Barangay ay:**

- ire-refer ang nasaktang partido sa tamang opisyal ng WCPD para ipaliwanag nito kung paano magsampa ng civil case laban sa CICL para panagutan ang civil liability; at
- magpapatuloy sa pagsasagawa ng mga diversion proceeding matapos nito.

**Habang hinihintay ang pagsasagawa ng mga diversion proceeding, kanino ibibigay ang kustodiya ng CICL?**

Habang naghihintay sa pagsasagawa ng mga diversion proceeding, ibibigay ang kustodiya ng bata sa mga magulang, tagapag-alaga, kamag-anak, o sinumang responsableng tao sa komunidad, habang isinasaalang-alang kung ano ang makabubuti sa batang lumabag sa batas.

NGUNIT kung may mga sirkumstansiyang kinakailangan ang pagkapiit ng CICL (hal. nanganganib ang kaligtasan ng bata), ipaalam kaagad sa LSWDO o PSWDO para masimulan ang proseso para sa pagkakapiit ng bata.

**Ano ang layuning makamit kapag nagsasagawa ng mga diversion proceeding?**

Isinasagawa ang mga diversion proceeding upang pangunahing matukoy ang:

- responsibilidad ng CICL at
- ang pagtrato sa CICL batay sa panlipunan, kultural, pang-ekonomiya, sikolohikal, o edukasyonal na background ng bata.

## Paano makakamit ang mga layunin ng isang diversion proceeding?

Para makamit ang mga layunin ng diversion, kailangan ng Punong Barangay na:

**1** Siguraduhing naiintindihan ng bata ang mga diversion proceeding na kaniyang kinasasangkutan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag muna sa CICL at sa kaniyang pamilya ang:

- layunin ng mga diversion proceeding (tulad ng inilarawan sa itaas);
- kahalagahan ng diversion; at
- kahihinatnan ng hindi pagsailalim sa diversion

**2** Kaugnay sa pagkakasala, tanungin ang CICL tungkol sa:

- mga sirkumstansiya ng pagkakasala;
- motibo o layunin sa likod ng pagkakasala; at
- mga bagay na nagbunsod sa bata na gawin ang pagkakasala

**3** Tanungin ang CICL tungkol sa ilang personal na sirkumstansiya, kabilang ang mga detalye ng kaniyang:

- mga magulang at pamilya;
- mga kasamahan; at
- antas ng edukasyon

**4** Ipaintindi sa CICL ang:

- mga kahihinatnan ng kaniyang mga kilos at
- mga responsibilidad na dulot ng mga kilos ng bata

**5** Siguraduhing ang CICL ay:

- nauunawaan at napagtatanto ang kaniyang pananagutan;
- nakararamdam ng pagsisisi sa kaniyang mga kilos
- ginagabayan na managot sa pagtatama ng nagawang pinsala, bilang kapalit sa pagsampa ng pormal na kaso sa Korte

## Paano isasagawa ang mga diversion proceeding?

Maaaring isagawa ang mga diversion proceeding sa anumang paraan o pamamaraan na gumagamit ng restorative justice approach. Ang ilang mga posibleng proseso na maaaring gamitin ay:

- pagpapamagitan sa biktima at nagkasala
- group conferencing ng komunidad at pamilya
- reparative probation at mga community board at panel
- mga peacemaking circle
- circle sentencing
- anumang mga kasanayan sa hustisyang tinatanggap ng komunidad na kumakatawan sa restorative justice

Sumangguni sa mga *alituntunin ng DSWD para sa pagsasagawa ng mga Diversion Proceeding* upang maprotektahan ang bata mula sa pamimilit, pananakot, pananakit, pang-aabuso, o iba pang aksiyon na nakasasama sa normal na paglaki ng bata.

Dapat siguraduhin ng Punong Barangay na:

- ang mga proceeding ay naaayon sa bata at sensitibo sa mga pangangailangan, kapakanan, at proteksiyon ng mga karapatan ng CICL;
- gumamit ng wikang simple at naiintindihan ng CICL;
- isinasagawa ang mga proceeding sa isang lugar kung saan kumpidensiyal ang pagkakakilanlan ng bata at ng mga partidong kasangkot;
- may sapat na privacy para maiwasan ang mga hindi kinakailangang pagkaantala, pagkagambala, at/o pakikilahok ng mga hindi kasangkot na partido na maaaring magpahiya sa o gawing hindi komportable ang bata

## Gaano katagal ang mga diversion proceeding?

Dapat makompleto ang mga diversion proceeding sa loob ng 45 araw matapos itong simulan.

Itinuturing na winakasan na ang mga diversion proceeding kapag:

- ang Contract of Diversion sa loob ng 45 araw ay napawalang-bisa na nang walang anumang naabot na kasunduan
- hindi pumayag sa diversion ang CICL o ang mga magulang/tagapag-alaga ng bata
- nalaman ng diversion authority na hindi naaayon o kanais-nais ang diversion (batay sa mga bagay na naunang binanggit)

**Paano kung tumanggi ang mga magulang/tagapag-alaga ng CICL na makilahok o makipagtulungan sa mga diversion proceeding?**

Ang Punong Barangay kay:

- sisiguraduhing naintindihan ng CICL at ng mga magulang/tagapag-alaga ang layunin ng mga diversion proceeding, ang halaga ng diversion, at ang mga kahihinatnan ng hindi pagsailalim sa diversion
- tanungin ang mga dahilan sa pagtangging makipagtulungan o makilahok
- ipaliwanag sa CICL at sa mga magulang/tagapag-alaga kung ano ang mga posibleng kahihinatnan ng hindi pagsali sa mga proceeding

Kung nagpasya pa rin ang mga magulang/tagapag-alaga ng CICL na hindi lumahok sa mga diversion proceeding, itinuturing na winakasan ang diversion at ang Punong Barangay ay:

- maglalabas ng kaukulang dokumentong nagpapatunay na walang kasunduang naabot dahil tumangging lumahok sa mga diversion proceeding ang CICL at ang kaniyang mga magulang/tagapag-alaga; <u>at</u>
- ipapasa ang kaso ng CICL (kasama ang katibayan ng kabiguan sa diversion) sa WCPD o sa Prosecutor

## 4.3 PAGBUBUO NG ISANG DIVERSION CONTRACT

Bubuuin ang diversion contract sa mga diversion proceeding.

Dapat nilalaman ng kontrata ang:

a. <u>individualized diversion program</u> para sa CICL
b. pagtatakda ng mga karapatan, responsibilidad, o pananagutan ng CICL, mga magulang/tagapag-alaga ng CICL, at nasaktang partido (kapag naaangkop)
c. kusang pag-amin ng CICL

## Ano ang pangunahing kinakailangan bago mapirmahan ang isang diversion contract?

*Maaari lamang* pumasok sa isang contract of diversion kapag kusang umamin ang CICL na kaniyang ginawa ang krimen.

## Paano kung tumangging kusang umamin ang CICL o ang mga magulang/tagapag-alaga?


Ipaliliwanag ng Punong Barangay na ang kusang pag-amin ng bata sa mga diversion proceeding ay:

- itinuturing lamang na isang pahintulot na sumailalim sa Diversion Program at **hindi itinuturing na pag-amin sa pagkakasala;** at
- hindi maaaring gamitin laban sa CICL sa anumang paraan (tulad ng anumang hinaharap na judicial, quasi-judicial, o mga administrative proceeding).

## Ano ang diversion program?



Ang Diversion Program ay programang kinakailangang daanan ng CICL pagkatapos mapatunayang mananagot sa isang pagkakasala, nang hindi mapupunta sa mga pormal na court proceeding.



Ang Diversion Program, na dapat ay <u>individualized para sa bawat CICL</u>, ay dapat naglalaman ng mga sapat na socio-cultural at psychological intervention at mga serbisyo para sa bata.

## Ang diversion contract ay dapat maglaman ng:

- individualized diversion program para sa CICL
- pagtatakda ng mga karapatan, responsibilidad, o pananagutan ng CICL, mga magulang/tagapag-alaga ng CICL, at nasaktang partido (kapag naaangkop)
- kusang pag-amin ng CICL

## Anong mga bagay ang dapat isaalang-alang kapag bumubuo ng individualized diversion program?

- mga indibidwal na katangian at kakaibang sirkumstansiya ng CICL (tulad ng kalagayang kultural, panlipunan, pang-ekonomiya, at panrelihiyon ng bata);
- nararamdamang pagsisisi ng bata sa ginawang krimen;
- kakayahan ng mga magulang/tagapag-alaga na gabayan at subaybayan ang bata;
- pananaw ng biktima tungkol sa pagiging angkop ng mga hakbang na ipatutupad;
- pagkakaroon ng mga community-based program para sa rehabilitasyon at reintegration ng bata; at
- talaan ng mga dating pagkakasala ng CICL (kung mayroon man)

## Ano ang ilan sa mga obligasyon o responsibilidad na dapat ilagay sa diversion contract?

Ang Diversion Contract ay dapat maglaman ng pagtatakda ng mga karapatan, responsibilidad, o pananagutan ng mga partidong kasangkot, ang ilan ay:

- ang mga obligasyon sa pag-uulat ng CICL at mga magulang/tagapag-alaga- may obligasyon silang humarap sa Punong Barangay (o sa taong itinalaga ng diversion committee) nang hindi bababa sa isang beses kada buwan para sa pag-uulat at pagsusuri kung epektibo ba ang programa

- ang pagsubaybay at/o mga obligasyon sa pagbabantay ng ilang mga may tungkulin at ibang stakeholder na may pananagutan (hal. ang punong-guro para subaybayan at magbigay-ulat sa pagpasok ng CICL sa paaralan)

## Epektibo at may bisa lamang ang diversion contract kapag:

1. ang kontrata ay nakasulat at nilagdaan ng mga taong kinakailangang pumirma sa ilalim ng batas;
2. tinanggap ng CICL at ng mga magulang/tagapag-alaga ng bata ang diversion program at lahat ng iba pang tuntunin at kondisyon sa kontrata; at
3. kusang inamin ng CICL na kaniyang ginawa ang krimen.

> Hindi kinakailangang tanggapin ng nasaktang partido ang diversion contract para magkaroon ng bisa ang kontrata. NGUNIT gagawin ng Punong Barangay ang lahat ng makakaya para makuha ang pagsang-ayon ng nasaktang partido.

## Sinong dapat pumirma sa diversion contract?

- Ang CICL
- Mga magulang/tagapag-alaga ng bata
- Punong Barangay (bilang awtoridad sa diversion)
- Miyembro ng BCPC na tumutulong sa Punong Barangay; at
- LSWDO o PSWDO

Kapag sumang-ayon ang nasaktang partido sa diversion contract, **maaaring** hilingin na pumirma rin siya sa kontrata. Kapag menor de edad ang nasaktang partido, ang mga magulang/tagapag-alaga ng menor de edad ang pipirma.

## Paano kung hindi sumang-ayon ang biktima o nasaktang partido sa anumang aytem sa diversion contract?

Sisikapin pa rin ng Punong Barangay na makuha ang pagsang-ayon ng nasaktang partido sa individualized diversion program na nilalaman ng Diversion Contract sa pamamagitan ng:

- pagpapaliwanag sa nasaktang partido ng mga benepisyo ng pagpapatawad at diversion, at ang pangangailang repormahin ang CICL sa loob ng komunidad, sa halip na sa mga detention home o rehabilitation center, kapag nagpahayag ng pagsisisi at kahandaang humingi ng tawad mula sa nasaktang partido ang CICL; at

- pagtitiyak sa nasaktang partido na ang LSWDO o PSWDO, kasama ang lokal na pamahalaan at ang komunidad, ang mananagot sa pagreporma at pagsubaybay sa CICL sa pamamagitan ng iba't ibang diversion program.

## Kung ang nasaktang partido ay hindi pa rin nagpahayag ng pagsang-ayon sa diversion contract at sa diversion program na nilalaman nito, ang diversion authority ay:

- ire-refer ang nasaktang partido sa naaangkop na opisyal ng WCPD para ipaliwanag kung paano magsampa ng civil case laban sa CICL para panagutan ang civil liability; at

- matapos nito ay ipagpapatuloy ang pagbubuo ng diversion program at ang pagpirma ng diversion contract kung sumang-ayon dito ang CICL at ang mga magulang/tagapag-alaga ng CICL.

## Ano ang dapat na nilalaman ng diversion contract?

1. ang Diversion Program na susundin ng CICL
2. ang pamamaraan ng pagsubaybay
3. pangalan ng mga partidong susubaybay sa mga aktibidad
4. panahon ng pagpapatupad ng diversion program

## Ano ang mga mahahalagang bagay na dapat isaalang-alang sa pagbubuo ng diversion program?

Kapag nagbubuo (at nagpapatupad) ng isang diversion program, dapat siguraduhin ng Punong Barangay at ng diversion committee na ang nasabing programa ay:

- ginawa nang naaayon sa mga tuntunin ng restorative justice;
- gumagamit ng mga positibong hakbang;
- ganap na pinakikilos ang lahat ng posibleng mapagkukunan (kasama ang pamilya, mga boluntaryo, paaralan, at iba pang institusyon sa komunidad);
- naglalaman ng mga aktibidad na may epektibo, patas, at makataong pakikitungo sa bata; at
- nakabubuti sa kapakanan ng bata.

## Ang ilan sa mga aktibidad o gagawing pagkilos na maaaring isama sa isang individualized diversion program ay:

a. Pagbabalik ng ari-arian;
b. Kabayaran sa pinsalang dulot;
c. Pagkumpiska at pagkuha ng mga nalikom o instrumento ng krimen (kung binuo ang diversion program sa lebel ng pagpapatupad ng batas);
d. Indemnification para sa mga kinahinatnang pinsala;
e. Nakasulat o pasalitang paghingi ng tawad;
f. Mga utos sa pangangalaga, paggabay, at pagsubaybay;
g. Counseling para sa batang lumabag sa batas at sa pamilya ng bata;

h. Pagdalo sa mga pagsasanay, seminar, at lektura sa:
   - mga kasanayan sa pagkontrol ng galit;
   - mga kasanayan sa paglutas ng problema at/o pagresolba ng alitan;
   - values formation; at
   - iba pang kasanayan na makatutulong sa bata na harapin ang mga sitwasyong maaaring humantong sa pagkakaulit ng krimen;

i. Pagsali sa mga community-based program, kabilang na ang commmunity service; o

j. Pagsali sa mga programa sa edukasyon, bokasyon, at kasanayan sa buhay.

## 4.4 PAGPAPATUPAD NG DIVERSION PROGRAM

Ang diversion program ay ipinatutupad kaagad pagkatapos pumirma ng contract of diversion. Ang diversion program ay hindi maaaring ipatupad nang mas matagal sa dalawang taon matapos itong simulan.

### Sino ang nagbabantay at nagsusubaybay sa proseso ng pagsunod ng CICL sa diversion program?

Ang Punong Barangay, sa tulong ng BCPC, ang magbabantay at magsusubaybay sa pagsunod at progreso ng CICL sa ilalim ng diversion program.

Bilang isang paraan ng pagsubaybay, ang mga miyembro ng BCPC at mga boluntaryo mula sa komunidad na itinalaga ng BCPC ay maaaring magsagawa ng mga pagbisita sa bahay ng bata at ng mga magulang/tagapag-alaga para subaybayan ang progreso ng bata sa Diversion Program. Maaaring gawin ito nang nagkokonsulta at nakikipagtulungan sa LSWDO o PSWDO.

Ang resulta kung saan nabigong sumunod ang CICL sa mga tuntunin at kondisyon ng diversion contract ay patutunayan ng LSWDO o PSWDO.

### Sinong tumutukoy kung matagumpay na napatupad ang diversion program?

Ang Punong Barangay o itinalagang BCPC ang tutukoy kung matagumpay na naipatupad ang diversion program.

### Maaari bang bigyan ng ikalawang pagkakataon ang CICL na tumalima sa diversion program sa ilalim ng diversion contract?

Oo, sa kondisyon na:

- napag-alaman ng LSWDO o PSWDO at ng iba pang miyembro ng diversion committee na ang pagpapatuloy ng diversion ay angkop at kanais-nais pa rin
- ang dalawang taon mula sa simula ng diversion contract ay hindi pa natatapos; **at**
- **ang lahat ng partido (kasama ang nasaktang partido)** ay sumasang-ayon na bigyan ng isa pang pagkakataon ang CICL na matagumpay na tumalima sa diversion program

# KABANATA 5
## ANG CHILD AT RISK (CAR)

Ang batang lumabag sa isang ordinansa, may magaang pagkakasala, o nakagawa ng misdemeanor


| | |
|---|---|
| **Pahina 68** | KABANATA 5-A<br>Pangangasiwa sa isang CAR sa ilalim ng R.A. 9344 |
| **Pahina 72** | KABANATA 5-B<br>Intervention para sa CAR |

# KABANATA 5-A

## PAANO NAGIGING CAR ANG ISANG MENOR DE EDAD

Gamitin ang Kabanatang ito ng Manwal sa mga kasong kasangkot ang isang CAR (hindi isang CICL) na lumabag sa:

1. mga lokal na ordinansa tungkol sa mga juvenile status offense;
2. mga magagaang pagkakasala at misdemeanor laban sa pampublikong kaayusan at kaligtasan; o
3. mga krimen na hindi nag-aaplay sa mga bata upang makasuhan.

### Ano ang ilan sa mga lokal na ordinansa tungkol sa mga juvenile status offense?

Ang isang menor de edad na lumabag sa mga sumusunod na ordinansa sa mga juvenile status offense ang itinuturing na CAR:

- mga paglabag sa curfew
- mga ordinansa laban sa paninigarilyo
- truancy
- mga ordinansa laban sa pag-inom ng alak
- pagkasuwail sa magulang
- iba pang ordinansa na may kinalaman sa juvenile status offense

Kapag ginawa ng mga nasa hustong gulang ang mga gawaing ito, hindi ito itinuturing na pagkakasala. Kaya tinatawag na "mga juvenile status offense" ang mga ito.

Kaya kung ginawa ng mga menor de edad ang mga gawaing ito, hindi sila dapat maparusahan. Itinuturing silang CAR (hindi CICL) at naaangkop na intervention ang dapat ibigay sa kanila

**Paano kung nakasaad sa ordinansa ng barangay na kailangang bigyan ng parusa ang menor de edad (tulad ng pagkakapiit sa istasyon ng barangay) dahil sa paglabag ng juvenile status offense?**

Ang anumang ordinansa na hindi naaayon sa R.A. 9344 ay awtomatikong binago at ang nasabing CAR ay dapat lamang harapin at pangasiwaan ayon sa batas (tulad ng inilarawan sa Kabanata 5-B ng Manwal na ito).

**Ano ang magagaang krimen at misdemeanor laban sa pampublikong kaayusan o kaligtasan?**

Ito ang ilan sa mga magagaang krimen at misdemeanor na, kung gagawin, ay magtatakda sa menor de edad bilang CAR:

- disorderly conduct
- pampublikong eskandalo
- harassment
- kalasingan
- pampublikong kalasingan
- criminal nuisance
- bandalismo
- pagsusugal
- pamamalimos
- pagkakalat ng basura
- pag-ihi sa publiko
- trespassing

Ang batang nakagawa ng alinman sa mga ito ay isang CAR, <u>hindi</u> isang CICL!

**MGA ILUSTRASYON** **KAILAN MAGIGING CAR ANG ISANG BATA?**

Ang Barangay 143 ay matatagpuan sa isang siyudad na nagbabawal sa mga menor de edad na uminom ng alak sa mga pampublikong lugar. Si Paulo, isang labing-anim (16) na taong gulang na estudyante, ay nakita ng barangay tanod na umiinom ng serbesa sa lokal na sari-sari store pagkatapos ng klase. Si Paulo ay isang CAR.

Ang isang ordinansang pambayan na sakop ang Barangay 257 ay nagbabawal sa lahat na uminom ng alak sa anumang pampublikong parke. Naglalaman ang ordinansang pambayan ng parusang pagkakapiit nang labindalawang (12) oras. Si Juan, isang labing-anim (16) na taong gulang, ay nahuling nakikipag-inuman kasama ang mga kaibigan niyang sina Coco at Enrique (parehong nasa hustong gulang) sa isang lokal na parke malapit sa simbahan. Sinagip silang tatlo ng barangay. Si Juan ay isang CAR na dapat pangasiwaan alinsunod sa R.A. 9344 as amended by RA 10630 (tulad ng ipinaliwanag sa kabanatang ito). Hindi siya maaaring tratuhin nang tulad nila Coco at Enrique na posibleng maparusahan alinsunod sa ordinansa.


Ang bandalismo ay mahigpit na ipinagbabawal sa ilalim ng ordinansa ng siyudad kung saan nabibilang ang Barangay 554. Ang parusang pagkakapiit nang 24 oras ay ipapataw sa sinumang napatunayang nagkasala ng bandalismo. Si Maja (labinsiyam (19) na taong gulang), Liza (labing-anim (16) na taong gulang), at Kim (labing-walong (18) taong gulang) ay nasagip noong nakaraang gabi sa akto ng paninira ng mga dingding sa isang gusali ng pampublikong paaralan sa Barangay 554. Dapat ituring si Liza na CAR, naiiba sa kung paano parurusahan sina Maja at Kim sa ilalim ng ordinansa ng siyudad.

## Gumagawa ba ng krimen ang isang batang nahuling sumisinghot ng rugby?

Hindi. Ang lahat ng mga bata ay hindi kasama sa kriminal na pananagutan kung mapatunayang lumabag sa P.D. 1619 (tulad ng pagsinghot ng rugby at iba pang mga volatile substance). Ang mga bata ay hindi rin kasama sa pag-uusig para sa vagrancy, prostitusyon, at pamamalimos. Ang mga bata ay itinuturing ng batas bilang CAR.

## Anong mga pagkakasala ang hindi nag-aaplay sa mga bata?

- prostitusyon sa ilalim ng Seksiyon 202 ng Revised Penal Code
- pamamalimos sa ilalim ng Presidential Decree No. 1563
- pagsinghot ng rugby sa ilalim ng Presidential Decree No. 1619




## Sinong maaaring kumuha ng kustodiya ng CAR dahil sa paglabag ng mga lokal na ordinansa o dahil sa pagsasagawa ng magagaang pagkakasala o misdemeanor?

Ang sinumang opisyal ng barangay, tanod, o miyembro ng BCPC ang maaaring kumuha ng kustodiya ng batang lumabag sa anumang ordinansa, magaang pagkakasala, o misdemeanor tulad ng nakalista sa itaas. Kung ang pulisya ang kukuha sa kustodiya ng CAR, ire-refer ng pulisya ang bata sa barangay para sa tamang pagtrato sa ilalim ng Kabanata 4-B.

## Paano dapat pangasiwaan ang isang CAR?

Gamitin ang susunod na Seksiyon (Kabanata 5-B) at ang Flowchart para maayos na pangasiwaan ang CAR na lumabag sa lokal na ordinansa na may kinalaman sa mga juvenile status offense; nakagawa ng magaang pagkakasala o misdemeanor laban sa pampublikong kaayusan o kaligtasan; o nakagawa ng pagkakasalang hindi nag-aaplay sa mga bata. (Annex D)

**Ang mga sumusunod ay itinuturing ding CAR NGUNIT huwag gamitin ang Manwal na ito kapag pinangangasiwaan ang mga batang ito:**

1. abusado (pisikal, sikolohikal, mental, pangkabuhayan, atbp.) at mga magulang/tagapag-alaga na hindi kayang magbigay proteksiyon sa bata;
2. pinagsamantalahan (seksuwal, pangkabuhayan, atbp.);
3. inabandona o pinabayaan at hindi mahanap ang magulang/tagapag-alaga;
4. mula sa magulo o watak-watak na pamilya at walang magulang/tagapag-alaga
5. out of school;
6. batang lansangan;
7. miyembro ng gang;
8. nakatira sa komunidad na may mataas na antas ng kriminalidad o pag-abuso sa droga; at
9. nakatira sa mga lugar na may armadong tunggalian.

**Dapat gamitin ang iba't ibang batas, patnubay, at manwal kapag pinangangasiwaan ang mga CAR na nakalista sa itaas.**

**Gayunpaman, ang Kabanata 4 ng Manwal ay nagmumungkahi ng mga pangunahing intervention program para maiwasan na maging CICL ang mga CAR.**

# KABANATA 5-B
## PANGANGASIWA SA ISANG CAR

**IHANDA ANG MGA SUMUSUNOD:**

Flowchart sa Pangangasiwa sa Batang Lumabag ng Ordinansa (Annex D)

CAR Logbook (Annex G)

BCPC Form No. 1 (Annex E-1)

BCPC Form No. 3 (Annex E-3)

Talaan ng Mga Kontak (Annex F)

### a. PAGKUHA NG KUSTODIYA NG CAR

**Ano ang dapat gawin ng barangay kapag kinukuha ang kustodiya ng CAR?**

Sa pagkuha ng kustodiya ng CAR, kaagad na:

- **ipakilala** ang sarili sa bata at magpakita ng tamang pagkakakilanlan
- **ipaliwanag** sa bata ang dahilan ng pagkuha ng kustodiya
- **tanungin** ang pangalan, address, at pangalan ng mga magulang ng bata

Kapag nakuha na ang pangalan ng mga magulang/tagapag-alaga, kaagad na ipaalam sa kanila (1) ang insidente at (2) na pumunta sa lugar ng insidente o istasyon ng barangay.

**TANDAAN**

Ang mga sumusunod na gawain ay mahigpit na ipinagbabawal kapag kinukuha ang kustodiya ng bata (o anumang pagkakataon habang pinangangasiwaan ang CAR):

1. paggamit ng mga instrumento ng pamumuwersa o pagpigil
2. hindi kinakailangang karahasan o pamumuwersa
3. bastos na pananalita
4. seksuwal na pananamantala sa bata
5. tortyur
6. harassment o pang-aabuso sa bata




**Saan ko dadalhin ang CAR?**

Sa istasyon ng barangay para sa pagrerehistro at paunang intake.

## b. PAGREREHISTRO AT PAGPASOK NG CAR

### Para irehistro ang bata sa CAR Logbook, anong impormasyon ang kukunin ko?

- Pangalan ng bata
- Tirahan ng bata
- Petsa ng intake
- Ordinansa / magaang pagkakasala / misdemeanor na ginawa
- Pangalan ng mga magulang/tagapag-alaga at mga contact detail

Dapat itago sa isang ligtas na lugar ang CAR Logbook para masigurado ang pagiging kumpidensiyal ng mga rekord ng bata. Maaaring parusahan ang mga opisyal ng barangay sa kabiguang maprotektahan ang kumpidensiyalidad.

Iba ang CAR Logbook sa CICL Logbook. Panatilihing magkahiwalay ang mga ito!

Kumpidensiyal ang CAR Logbook. Maaari lamang itong buksan ng:

- Punong Barangay
- Mga itinalagang opisyal ng barangay sa ilalim ng BCPC
- LSWDO o PSWDO
- Juvenile Justice and Welfare Council

### Paano kung hindi makausap o tumangging magbigay ng pangalan ang CAR?

- Kunin ang impormasyon mula sa ibang taong maaaring naroon; at
- Agad na tawagan ang LSWDO o PSWDO para tumulong sa pakikipag-usap sa bata

### Sinong maaaring magsagawa ng intake?

- Punong Barangay
- Mga itinalagang miyembro ng BCPC

Gamitin ang BCPC Form No. 1 (Intake Form para sa BCPC) sa pagsasagawa ng intake ng CAR [Annex E-1].

## Anong maaari kong tanungin sa CAR habang intake?

Mga katanungan lamang na kailangan para punan ang BCPC Form No. 1 ang maaaring itanong. Kung may ilang impormasyong kailangan sa BCPC Form No. 1 na maaaring ibigay ng ibang tao (hal. mga magulang, guro), maaaring kunin ng BCPC ang impormasyon mula sa kanila at hindi na mula sa CICL.

## Anong maaari kong tanungin sa CAR habang intake?

- ang opisyal ng barangay na kumuha sa kustodiya ng bata
- mga kinatawan ng BCPC
- mga magulang/tagapag-alaga ng bata
- LSWDO o PSWDO
- Kung kinakailangan: tagapagsalin o mental health professional

Kumpidensiyal ang pagsasagawa ng intake. Ang sinumang hindi nakalista rito ay hindi maaaring naroroon sa intake.

## Kapag nakikipag-usap sa bata habang intake…

Gumamit ng simpleng wika o diyalekto na maiintindihan ng bata. Sa lahat ng pagkakataon, dapat maging magalang, angkop, at hindi magmukhang nakatatakot sa bata.

**Kung nagsasalita ng ibang wika/diyalekto at hindi maintindihan ng bata ang wikang ginagamit ng BCPC…**

- Kumuha ng tagapagsalin na maaaring makatulong sa pagsasagawa ng intake; o
- Humingi ng tulong mula sa LSWDO o PSWDO para masigurong maayos ang komunikasyon sa bata

**Kung tumangging magsalita ang bata…**

- Humingi ng tulong mula sa LSWDO o PSWDO para masigurong maayos na maisagawa ang komunikasyon sa bata

**Kung may kapansanan ang bata…**

- Humingi ng tulong mula sa tamang medical professional sa pagsasagawa ng intake (Matutulungan ka ng LSWDO o PSWDO na makakuha ng tulong.)

## Paano kung hindi residente ng aking barangay ang CAR, anong gagawin?

Kompletuhin ang pagsasagawa ng intake (tulad ng inilarawan sa itaas) at pagkatapos i-refer ang kaso ng bata sa:

a. barangay kung saan nakatira ang bata; o
b. the LSWDO o PSWDO.

Kompletuhin ang angkop na referral form (BCPC Form No. 3) [Annex E-3] bago i-refer ang bata. Pagkatapos ng intake, hindi na hahawakan ng iyong barangay ang intervention program para sa CAR na hindi nakatira sa iyong barangay.

**TANDAAN:**

Ang barangay na paunang kumuha ng kustodiya ng bata ay hinihikayat na ipasailalam ang bata sa medikal na eksaminasyon bago ilipat ang CAR sa barangay-of-residence lalo na kung may mga pisikal na pinsala ang CAR. Nagsisilbi itong karagdagang proteksiyon sa barangay na maaaring akusahan ng maling pagtrato sa bata.

Kahit na alam ng BCPC (ng barangay kung saan hindi nakatira ang bata) kung sino ang pamilya ng bata, dapat pa ring mailipat ang kustodiya ng bata sa barangay-of-residence o sa LSWDO o PSWDO.

## c. PANGANGASIWA NG BCPC SA CAR (NA RESIDENTE NG BARANGAY)

Kung ang CAR ay nasa kustodiya ng barangay kung saan nakatira ang bata, dapat tumuloy ang BCPC sa:

a. pagsasagawa ng <u>INTAKE</u> sa bata (tulad ng inilarawan sa itaas);
b. <u>IPAALAM</u> ang insidente sa mga magulang/tagapag-alaga ng bata; at
c. <u>ILIPAT</u> ang pisikal na kustodiya ng bata sa tamang tao.

### Karagdagang detalye sa INTAKE

Paano kung may isa pang barangay (kung saan hindi residente ang bata) na unang kumuha sa kustodiya ng bata at nagsagawa na ng intake, dapat pa rin bang magsagawa ang BCPC namin ng isa pang intake sa bata?

Oo. Pagkatapos matanggap ang kustodiya ng bata, dapat pa ring magsagawa ng intake ang inyong BCPC pero dapat isaalang-alang ang impormasyon na nakasaad sa Intake Form at Referral Form (mga BCPC Form No. 1 at 3) na natanggap mula sa nag-refer na barangay. Masisiguro nito ang mas maikling intake ng bata at mga katanungan lamang na nangangailangan ng paglilinaw mula sa bata ang mga itatanong.

Kailangan pa rin bang isailalim sa isang medikal na eksaminasyon ang CAR pagkatapos kunin ang kustodiya o kapag nakompleto na ang intake?

Kung sinagip ang bata dahil sa paglabag ng isang ordinansang may kinalaman sa juvenile status offense o magaang pagkakasala/misdemeanor tulad ng nakalista sa itaas, maaaring hindi na kailangang isailalim ang CAR sa isang medikal na eksaminasyon.

Ngunit kailangang dalhin ang bata para sa medikal na eksaminasyon kung:

- may mga pahiwatig na ang pisikal na kalagayan ng bata (hal. may mga pisikal na pasa) ay nangangailangan ng pansin o pagsusuri ng isang medical professional; o
- sinagip ang CAR dahil sa diumano'y paglabag ng mga batas sa prostitusyon, pamamalimos, o pagsinghot ng rugby.

### Sa PAGPAPAALAM sa mga magulang/tagapag-alaga

Bago pa man makompleto ang intake, kapag nakuha na ang mga pangalan ng mga magulang/tagapag-alaga at mga contact detail, dapat kaagad na ipaalam sa kanila ng BCPC:

- na sinagip ang kanilang anak dahil sa paglabag ng ordinansang may kinalaman sa juvenile status offense, paggawa ng magaang pagkakasala/misdemeanor, o paggawa ng mga gawaing katumbas ng prostitusyon, pamamalimos, o pagsinghot ng rugby; at
- kung saan ikinulong ang bata at payuhan silang pumunta agad sa barangay.

**Kung hindi masabi ng CAR kung sino ang kaniyang magulang o tagapag-alaga…**

- humingi ng tulong sa LSWDO o PSWDO sa pakikipag-usap sa bata
- makipag-ugnayan sa ibang tao (hal. mga tauhan sa paaralan kung saan pumapasok ang bata)
- kung sino ang may impormasyon tungkol sa pamilya ng bata
- tingnan ang mga talaan ng gobyerno o barangay kung may impormasyong magagamit

**Kung hindi makausap ng BCPC ang mga magulang/tagapag-alaga ng bata…**

- dapat ilipat ang pisikal na kustodiya ng bata sa LSWDO o PSWDO (at habang naghihintay, hayaang manatili ang CAR sa isang angkop na lugar para sa mga bata)

**Kung walang makuhang impormasyon kung sino ang mga magulang/tagapag-alaga…**

- dapat ilipat ang pisikal na kustodiya ng bata sa LSWDO o PSWDO (at habang naghihintay, hayaang manatili ang CAR sa isang angkop na lugar para sa mga bata)

### Dapat pa rin bang ipaalam sa PAO o isang abogado kung nasa kustodiya ang isang CAR?

Hindi kailangang ipaalam sa PAO o sinumang abogado na nasa kustodiya ang isang CAR dahil sa paglabag ng ordinansang may kinalaman sa juvenile status offense o magaang pagkakasala/misdemeanor.

## Pagdating sa PAGLIPAT ng pisikal na kustodiya sa tamang tao

### Kailan namin ililipat ang pisikal na kustodiya ng CAR sa mga magulang/tagapag-alaga?

Ilipat ang pisikal na kustodiya ng CAR sa mga magulang/tagapag-alaga **pagkatapos**:

1. makompleto ang intake ng bata (hal. makompleto ang BCPC Form No. 1);
2. alamin na hindi "high risk" ang CAR;
3. magbigay ng naaangkop na payo/patnubay sa CAR para maiwasan ang mga paglabag sa hinaharap; AT
4. magbigay sa mga magulang/tagapag-alaga ng naaangkop na payo/pangaral/babala sa kanilang mga obligasyon na bantayang mabuti ang bata

**Kung may mga pahiwatig na 'high risk' ang CAR** at pagkatapos ng konsultasyon sa LSWDO o PSWDO, dapat ilipat ng BCPC ang bata sa LSWDO o PSWDO (at hindi sa mga magulang) para sa naaangkop na intervention.

### Kailan maituturing na "high risk" ang isang CAR?

Ang mga sumusunod ay ilang pahiwatig na "high risk" ang isang CAR:

- Kung nilabag ng CAR ang ordinansa o nakagawa ng magaang pagkakasala/misdemeanor nang pangalawa o ikatlong beses
- Kung katumbas ng prostitusyon, pamamalimos, o pagsinghot ng rugby ang paglabag ng CAR
- Kung may iba pang sirkumstansiyang nagpapakitang nasa panganib ang bata sa iba pang kadahilanan, at itinuturing itong lubhang maselan at nasa panganib na maitulak o pagsamantalahang sumalungat sa batas

### Ano ang mga sirkumstansiyang nagpapakitang itinuturing ang bata na lubhang maselan at nasa panganib na maitulak o pagsamantalahang sumalungat sa batas?

Kung ang CAR, maliban sa paglabag ng isang ordinansa lamang na may kinalaman sa juvenile status offense, ay napatunayan ding:

- abusado ng sinumang tao sa pamamagitan ng pamamaraang seksuwal, pisikal,

sikolohikal, mental, pangkabuhayan, at iba pa, at ang mga magulang/tagapag-alaga ay tumatanggi, hindi nais, o hindi kayang magbigay proteksiyon sa bata;

- pinagsamantalahan sa paraang seksuwal o pangkabuhayan;
- inabandona o pinabayaan, at pagkatapos ng masigasig na paghahanap at pagtatanong, hindi mahanap ang magulang/tagapag-alaga;
- mula sa magulo o watak-watak na pamilya at walang magulang/tagapag-alaga;
- out of school;
- isang batang lansangan;
- isang miyembro ng gang
- nakatira sa komunidad na may mataas na antas ng kriminalidad o pag-abuso sa droga;
- nakatira sa mga lugar na may armadong tunggalian

**Kung hindi sigurado ang BCPC kung dapat na ituring na 'high risk' ang CAR, kumonsulta sa LSWDO o PSWDO para makagawa ng tamang pagpapasya.**

Kung umiiral din ang mga sirkumstansiyang ito (bilang karagdagan sa paglabag ng ordinansa, magaang pagkakasala, o misdemeanor), ituturing na "high risk" ng CAR at hindi dapat ilipat ang kustodiya ng bata sa mga magulang/tagapag-alaga

Paano kung gusto ng mga magulang/tagapag-alaga na kunin ang kustodiya ng CAR pero itinuturing ng BCPC na "high risk" ang bata?

Ang BCPC, pagkatapos kumonsulta sa LSWDO o PSWDO, ay dapat na suriin kung ikabubuti ba ng bata ang paglipat ng pisikal na kustodiya sa mga magulang/tagapag-alaga. Kahit na naibigay ang pisikal na kustodiya sa mga magulang/tagapag-alaga, ire-refer pa rin ang kaso ng CAR sa LSWDO o PSWDO para sa karagdagang pagsusuri ng bata at pagbubuo ng naaangkop na intervention program.

**Kung hindi mahanap o matawagan ng BCPC ang LSWDO o PSWDO,** maaaring ilipat ang pisikal na kustodiya ng CAR sa mga social worker na may kaugnayan sa o kaakibat ng DSWD. Samantala, kailangang ligtas na manatili ang bata sa isang angkop na lugar para sa mga bata sa barangay.

### Anong mga dokumento ang ibibigay ng BCPC sa LSWDO o PSWDO kasabay ng paglilipat ng pisikal na kustodiya?

Dapat magbigay ng BCPC sa LSWDO o PSWDO ang kopya ng mga sumusunod na dokumento:



- Intake Form para sa Barangay Council for the Protection of Children (BCPC Form No. 1)
- BCPC Referral Letter / Form (BCPC Form No. 3)
- Mga dokumentong kalakip ng mga BCPC Form No. 1 at 3

## d. PAGKATAPOS ILIPAT ANG KUSTODIYA

### Pagkatapos ibigay ang pisikal na kustodiya ng CAR sa LSWDO o PSWDO, may gagawin pa ba ang BCPC?

Ito ang (mga) susunod na aksiyong inaasahan mula sa BCPC pagkatapos ibigay ang pisikal na kustodiya sa LSWDO o PSWDO:

| Kung ibinigay ang pisikal na kustodiya sa LSWDO o PSWDO dahil: | Mga susunod na hakbang na inaasahan mula sa BCPC |
|---|---|
| Pagkatapos ng kustodiya at paunang intake ng CAR, nalaman ng barangay na hindi residente ng barangay ang bata | Walang karagdagang aksiyon mula sa BCPC. Ang LSWDO o PSWDO at ang barangay kung saan nakatira ang bata ang hahawak ng kaso ng CAR. |
| Hindi mahanap ng BCPC ang mga magulang/tagapag-alaga ng CAR | Lalahok ang BCPC sa Intervention Conference na isasagawa ng LSWDO o PSWDO para sa CAR.<br><br>Depende sa napagkasunduan sa Intervention Conference, ang BCPC (kasama ang iba pang stakeholder) ay tutulong din sa LSWDO o PSWDO sa pagsubaybay ng pagpapatupad ng Intervention Program para sa CAR. |
| Itinuturing ang CAR bilang "high risk" | |

### Kung ibinigay ang pisikal na kustodiya sa mga magulang/tagapag-alaga

Maaaring ipagpatuloy ng BCPC ang pagsubaybay sa progreso ng bata para makita kung sinunod ng bata at ng mga magulang/tagapag-alaga ang payo/patnubay na ibinigay para maiwasag umulit sa pagkakasala ang bata.

## Upang maiwasan ang batang 'at risk' na maging 'in conflict with the law' O iwasan ang bata na maging 'at risk'

Tingnan ang Kabanata 4 para sa mga posibleng prevention program na maaaring ipatupad sa lebel ng barangay: (1) tulungan ang CAR na iwasang maging CICL; at (2) iwasan na maging CAR o CICL ang mga bata sa barangay.

# KABANATA 6

## PAG-IWAS NA MAGING CICL

Paano maiwasang maging CICL ang mga bata


| | |
|---|---|
| **Pahina 82** | 6.1<br>Mandato upang Maiwasan Magkaroon ng CICL |
| **Pahina 84** | 6.2<br>Pangunahin at Sekundaryong Pag-iwas |
| **Pahina 85** | 6.3<br>Menu ng Mga Programa sa Pag-iwas |
| **Pahina 92** | 6.4<br>Menu ng Mga Pangunahing Programa sa Pag-iwas |
| **Pahina 94** | 6.5<br>Menu ng Sekundaryong Mga Programa sa Pag-iwas |
| **Pahina 96** | 6.6<br>BCPC: Isang Mahalagang Puwersa upang maiwasan na magkaroon ng suliranin sa batas ang mga bata |

# KABANATA 6

# MGA PROGRAMA UPANG MAIWASAN ANG CICL

Hindi lamang para sa CICL ang mga intervention program ng mga barangay.

Nilikha rin ang mga nakahiwalay na intervention program upang **maiwasan** ang mga batang maging CICL. Sa ilalim ng batas, tinatawag ang mga ito na pangunahin at sekundaryong intervention, ngunit mas angkop na tawaging **"Mga Programa sa Pag-iwas"** sa ilalim ng Manwal na ito. (Tumatalakay sa tertiary intervention o intervention ng CICL ang Kabanata 3)



## 6.1 MANDATO NG PAG-IWAS

**MANDATO NG BARANGAY: Magbigay ng mga programa at serbisyo para sa mga bata!**

Mandato ng batas sa bawat barangay na:

- magtatag ng mga programa sa hustisyang pangkabataan at kapakanan;
- magbigay ng mga serbisyong tumutugon sa mga espesyal na pangangailangan, problema, interes, at alalahanin ng mga bata;
- magbigay ng mga serbisyong nag-aalok ng naaangkop na pagpapayo at patnubay sa mga bata at kanilang mga pamilya

Dapat itatag ng barangay ang mga programa at serbisyong ito sa pamamagitan ng BCPC nito, indibidwal man o kasama ng ibang mga barangay at sa pakikipag-ugnayan sa mga paaralan, pangkabaatang organisasyon, institusyong nakatuon sa mga bata, NGO, at iba pang kinauukulang ahensya.

Partikular na Layunin:

## Iwasan ang CICL

Mas mainam ang kaunting pag-iwas kaysa sa malakihang lunas.

Maaaring gumawa ng aksiyon ang barangay upang bawasan ang bilang ng CICL sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga epektibong intervention program upang maiwasang maging delingkuwente ang mga bata.



**TANDAAN**

Kritikal ang tungkulin ng barangay upang MAIWASANG maging CICL ang isang bata.

## Ano ang mga programa sa pag-iwas?

Ang mga programa sa pag-iwas ay mga aktibidad na nagtataguyod ng ikabubuti ng kabataan upang matulungang maiwasan ang mga sitwasyon kung saan "nanganganib" sila o salungat sa batas.

Upang mailayo ang mga bata sa pagkakasala, dapat magpatupad ang barangay ng alinman sa PANGUNAHIN o SEKUNDARYO na mga programa sa pag-iwas.

## Ano ang ibig sabihin ng "pagtataguyod ng ikabubuti ng bata"?

- Paglikha ng mga kondisyon na mas kapaki-pakinabang para sa kaligtasan, proteksiyon, at damdamin ng seguridad ng bata;
- Hikayatin ang pisikal, sikolohikal, at emosyonal na paglaki ng bata;
- Pagpili ng mga alternatibong nangangalaga sa paglaki at pag-unlad ng bata.

## Upang maiwasan ang pagkakaroon ng CICL, ipatupad ang mga programa sa pag-iwas para sa:



Mga bata sa pangkalahatan

**Pangunahing Intervention**



Mga batang nasa panganib

**Sekundaryong Intervention**

## 6.2 PANGUNAHIN AT SEKUNDARYONG PAG-IWAS

### Mga PANGUNAHING programa sa pag-iwas[2]

Ito ay mga pangkalahatang hakbang na tumutugon sa mga pangunahing sanhi ng pagkakasala. Ang mga programang ito ay nakatutulong na maiwasang malagay sa panganib ang mga bata. Ang mga ganitong programa (na kinabibilangan ng mga may kinalaman sa mga pang-adbokasiya at sosyo-ekonomiko, pangkalusugan at nutrisyon, at pagsasanay at edukasyonal na serbisyo) ay nagtataguyod din ng pisikal at panlipunang kapakanan ng mga bata.

> Ang ilan sa mga natukoy na pangunahing sanhi ng pagkakasala:
>
> - Kahirapan
> - Kasaysayan ng pang-aabuso sa bata
> - Pagpapabaya sa bata
>
> *Batay sa mga kadahilanang maaaring mag-udyok sa mga bata na sumalungat sa batas. Mula sa Kabanata 1 (Giving Children in Conflict with the Law a Human Face) ng "Behind the Mask" ng Plan Philippines.

### Ang mga pangunahing programa sa pag-iwas ay nakatuon sa:

1. lahat ng mga bata;
2. kanilang mga magulang; at
3. ang buong komunidad.

### Ano ang ilang pangunahing programa sa pag-iwas na maaaring ipatupad ng barangay?

Tingnan ang Seksiyon 6.3 at 6.4 ng kabanatang ito.

### Mga SEKUNDARYONG programa sa pag-iwas[3]

Mga hakbang ito na tumutulong sa sinumang child at risk (CAR) o batang maseselan at nanganganib na gumawa ng krimen dahil sa kalagayang personal, pampamilya, at panlipunan. Ang mga hakbang na ito, tulad ng mga serbisyong proteksiyon para sa mga bata, ay layong mailayo o maiwasang maging delingkuwente ang kabataan.

### Kailan maituturing na nanganganib ang isang bata?

Nanganganib ang isang bata kapag lumabag siya sa isang ordinansang may kinalaman sa isang juvenile status offense o gumawa ng misdemeanor o magaang pagkakasala (Tingnan ang Kabanata 5 sa pahina 67) *o* siya ay:



inabuso (seksuwal, sikolohikal, mental, pangkabuhayan, atbp.) at hindi makapagbigay ng proteksiyon sa bata ang mga magulang/tagapag-alaga;

[2] Kilala sa ilalim ng RA 9344 (Rule VI) bilang mga "pangunahing intervention" na programa.
[3] Kilala sa ilalim ng RA 9344 (Rule VI) bilang mga "sekundaryong intervention" na program.

- pinagsamantalahan (seksuwal, pangkabuhayan);
- inabandona o pinabayaan at hindi mahanap ang mga magulang/tagapag-alaga;
- mula sa watak-watak na pamilya at walang magulang/tagapag-alaga;
- out of school;
- batang lansangan;
- miyembro ng gang;
- naninirahan sa isang komunidad na laganap ang krimen o pag-abuso sa droga; at
- namumuhay sa mga lugar na may armadong tunggalian.

> **Mayroon bang bata sa inyong barangay na sakop ng listahang ito?** Kung gayon, isang CAR ang batang ito na nangangailangan ng proteksiyon at tulong mula sa barangay.

Nangangailangan ang isang CAR ng mga espesyal na programa para sa proteksiyon at pag-iwas upang mabawasan ang panganib na paglabag sa batas.

### Ano ang ilang programa sa pag-iwas (sekundaryo) na maaaring ipatupad ng barangay para sa CAR?

Tingnan ang Seksiyon 6.3 at 6.5 ng kabanatang ito. Ito ay mga mungkahing programa upang matulungan silang maiwasang maging CICL.

## 6.3 MENU NG MGA PROGRAMA SA PAG-IWAS

Ang Comprehensive National Juvenile Intervention Program Framework ay nagpapakita ng listahan ng mga posibleng programang maaaring ipatupad bilang mga PANGUNAHIN o SEKUNDARYO na programa sa pag-iwas.[4]

[4] Tinukoy sa CJNIP bilang "Mga Intervention"

## Ano ang ilang programa sa pag-iwas na para sa mga BATA?

1. Skills training
2. Life skills training
3. Pagbibigay ng mga aktibidad sa pag-unlad
4. Akses sa pormal at alternatibong edukasyon

## Anong mga uri ng skills training ang maaaring isagawa ng isang barangay?

Maraming barangay ang nagsasagawa ng skills training para sa mga bata sa pamamagitan ng kusang pag-imbita ng mga resource person, o sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (Technical Education and Skills Development Authority o TESDA).

Ibinahagi ng ilang barangay sa NCR na kabilang sa mga programa sa skills training na ipinatupad sa kani-kanilang komunidad kaakibat ng TESDA ay ang **pagsasanay sa call center, pagkumpuni ng cellphone, pagpi-print ng t-shirt, at pangunahing kaalaman sa kompyuter.** Nagsasagawa ang ilang barangay sa Rehiyon I ng mga pagsasanay sa **welding** at **pagkakarpintero**.



Maaari ding makipagtulungan ang iyong barangay sa mga pribadong grupo at organisasyon upang magpatupad ng mga programa sa pagsasanay na maaaring makatugon sa kinakailangang kasanayan ng mga lokal na negosyo.

Kung interesado ang iyong barangay na magsagawa ng mga programa sa skills training sa tulong ng TESDA, maaari kang makipag-ugnayan sa:

Pambansang Tanggapan ng TESDA:
Tawagan ang (02) 8877777 (Trunk Line)
Magpadala ng email sa
tesdacontactcenter@gmail.com

Panrehiyong Tanggapan ng TESDA:
Makipag-ugnayan sa mga numero at
rehiyonal na website na nakalista sa
www.tesda.gov.ph

## Ano ang itinuturo sa mga life skills training?

Nagpapaunlad / nagdadagdag ng positibong pag-uugali ang mga life skills training ng mga bata upang epektibo nilang maharap ang mga hinihingi at hamon ng pang-araw-araw na buhay.[5] Kabilang sa mga kasanayang itinuro sa mga bata ay:

a. mga reflective skill (tulad ng paglutas ng problema at kritikal na pag-iisip)
b. mga personal skill (tulad ng kamalayan sa sarili); at
c. mga interpersonal skill (tulad ng komunikasyon).



Ang mga life skills training ay nakadirekta sa lubos na pagpapaunlad sa potensiyal ng isang bata. Sa Rehiyon I, nagsasagawa ang isang barangay ng mga **leadership training** para sa mga bata habang ang isa pang barangay, sa pakikipagtulungan sa lokal na simbahan, ay nagpapatupad ng mga sesyon sa **values education** o nagdaraos ng **pag-aaral sa bibliya** para sa mga bata tuwing bakasyon sa tag-init.

Isang barangay ang nag-oorganisa ng mga **"boodle fight"** (kasama ang mga bata at matatandang boluntaryo ng barangay) upang hikayatin ang team building sa mga kabataan ng barangay at upang bigyan ang mga kabataan ng lugar upang mapatnubayan ng mga responsableng matatanda.

Maraming barangay na kilalang angkop sa mga bata ang nag-oorganisa (sa koordinasyon ng mga paaralan) ng mga aktibidad sa gender and development (GAD) para sa mga batang mag-aaral.

Ang life skills education ay nagpapaunlad ng mga kasanayan "na nagbabawas sa mga panganib at nagdadagdag ng proteksiyon" (http://www.unicef.org/lifeskills/index)

**Ang "mga ugat ng seksuwal na karahasan sa Pilipinas ay maaaring makita sa mga tradisyonal o laganap na saloobin sa seksuwalidad at kasarian..."**

**Ang "mga ugat ng karahasan sa mga kabataan ay nakuha mula sa mga tradisyonal na pananaw tulad ng machismo..."**

Painted Gray Faces, Behind Bars, and in the Streets: Street Children and the Juvenile Justice System in the Philippines (Proyekto ng UP-CIDS)

[5] Batay sa kahulugan ng "life skills" sa http://www.unicef.org/lifeskills/index_7308.html.

## Ano ang mga halimbawa ng mga aktibidad sa pag-unlad para sa mga bata?

Mayroong mahabang listahan ng mga aktibidad na maaaring isagawa ng isang barangay upang makatulong sa pagsulong ng mga sumusunod na bahagi sa pag-unlad ng bata:



pisikal | pangkaisipan | pangsining, pangmusika | panlipunan

Ang isang barangay sa isang rural na lugar ay sumusuporta sa mga aktibidad ng **school choir** na nasasakupan nito, habang ang isa pang barangay ay nagbibigay sa mga bata ng regular na pagsasanay sa **pagtugtog ng mga instrumentong pangmusika.**

Isang barangay mula sa siyudad ang nag-isponsor ng mga **dulang teatro** ng mga bata, katuwang ang isang lokal na non-governmental organization. Ang isa pang barangay, sa koordinasyon ng Sangguniang Kabataan, ay nagdaos ng **battle of the bands,** kung saan bahagi ng mga grupong nagtanghal ang mga bata.

Maraming barangay ang nagdaraos ng mga **aktibidad sa palakasan** at pati mga liga sa palakasan tuwing bakasyon sa tag-init. Isinasagawa din ng iba't ibang barangay ang **mga aktibidad sa pagtatanim ng puno** na kinasasangkutan ng mga bata.

Inaanyayahan ng isa pang barangay ang mga bata na kumuha ng pangunahing kurso sa paglangoy at **mga kurso sa paghahanda sa sakuna.**

Sa isang natukoy na rural na lugar, isang grupo ng mga barangay ang lubos na sumusuporta sa isang **school of living tradition**, kung saan tinuturuan ang mga bata ng kasaysayan at pangangalaga ng kultura.

## Paano matutulungan ng barangay ang mga bata na makakuha ng pormal o alternatibong edukasyon?

Maraming paraan para mahikayat ang mga bata na dumalo sa pormal na edukasyon o mga alternatibong programa sa pag-aaral. Ilang barangay ang nagpapatupad ng balik-eskuwelang programa sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga bata ng libreng gamit sa paaralan at uniporme.

Kung may mga batang hindi makakuha ng pormal na edukasyon, maaaring hikayatin ng barangay ang mga batang ito na maging bahagi ng Alternative Learning System (ALS).

Wala bang alternatibong edukasyong programa sa loob o malapit sa inyong barangay? Magtanong sa Kagawaran ng Edukasyon kung paano magtatag/ makakaakses ng alternatibong sistema ng pag-aaral para sa inyong barangay:

Mga Tanggapang Panrehiyon o Pangdibisyon ng DepEd
Ang mga contact number ay nakalista sa
ww.deped.gov.ph/directory.asp

## Ano ang ilang mga programang pang-iwas ang para sa MGA MAGULANG?

1. Mga Parent Effectiveness Seminar (PES)
2. Empowerment and Reaffirmation of Paternal Abilities (ERPAT)
3. Programang pangkabuhayan para sa CICL at kanilang mga pamilya

## Mga Parents Effectiveness Seminar (PES)

Ang PES ay isang programang pinasimulan ng DSWD na nakatutok sa pagtulong sa mga magulang na maayos na pangalagaan ang kanilang mga anak. Sa seminar na ito, binibigyan ang mga magulang ng kaalaman at kasanayan sa early childhood development, pangangalaga sa kalusugan, pamamahala ng pag-uugali, at mga tungkulin sa pagiging magulang at tinuturuan sila kung paano mas maunawaan ang pag-uugali ng isang lumalaking bata at kung paano hubugin ang bata upang maging isang mas mabuting tao.

Kabilang sa iba't ibang modyul na ibinigay sa PES ay ang: mga hamon sa pagiging magulang, pagpapanatiling ligtas ang bata mula sa pang-aabuso, at pagbuo ng positibong pag-uugali sa mga bata.

## Empowerment and Reaffirmation of Paternal Abilities (ERPAT)

Ang ERPAT ay isa ring proyektong paglilingkod ng DSWD na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-unlad ng kaalaman, saloobin, at kasanayan sa mga Pilipinong tatay upang magampanan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad bilang ama. Naghahandog ito ng mga sesyon na nakabatay sa komunidad, nagsasagawa ng pagsasanay para sa mga tatay na lider, at nagboboluntaryo sa komunidad para magkaroon sila ng sama-samang pagkilos at pakikilahok sa pag-angat ng mga tungkulin ng mga tatay sa pamilya.

> Ang ilang bata na sumalungat sa batas ay "naglalayas at naninirahan sa lansangan dahil sa iba't ibang dahilan."

## Paano maipatutupad ng inyong barangay ang PES at ERPAT?

Kung ang iyong barangay ay nangangailangan ng tulong sa pag-ayos at pagpatupad ng PES o ERPAT, maaari kang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na LSWDO o PSWDO sa iyong barangay. Maaaring sanayin ng LSWDO o PSWDO ang BCPC at iba pang mga boluntaryo ng barangay (hal. barangay health workers) sa pagsasagawa ng PES at ERPAT sa inyong mga lokalidad.

Ang epektibo at responsableng magulang ay "nakikita ngayon bilang isang pangunahing estratehiya sa pagpigil sa mga bata na sumalungat sa batas."

Isang NGO (na may mga proyekto sa ilang barangay sa Maynila) ang nagsasanay sa mga magulang sa pagiging responsible at nagtuturo sa kanila ng mga epektibong kasanayan. Itinatampok ng mga pagsasanay ang "mga mapang-abusong kasanayan sa pagdidisiplina na dapat itigil ng mga magulang" at tinuturuan silang gumamit ng "mga positibong pamamaraan sa pagdidisiplina." Sa mga pagsasanay na ito, "napagtanto ng mga magulang na ang kanilang mga kasanayan sa pagiging magulang ay maaaring magtulak sa kanilang mga anak na magkaroon ng hindi magandang asal at gumawa ng mga anti-social na aktibidad.

Sipi ng Seeds of Hope, CORDAID tungkol sa karanasan sa Families and Children for Empowerment and Development Foundation (FCED)

## Programang pangkabuhayan para sa mga magulang

Maaari ding tulungan ng TESDA ang barangay sa pagsasagawa ng mga skills training para sa mga magulang bilang isang paraan upang mapaunlad ang kanilang mga kakayahan sa kabuhayan.

Isang barangay na nakabase sa NCR ang nagpopondo ng programang pangkabuhayan para sa mga magulang sa komunidad bilang isa sa mga hakbang nito upang maiwasan ang mga bata na malagay sa panganib o maging isang CICL. Isa pang barangay ang nag-ulat na ito ay nagsasagawa ng mga sesyon sa skills training partikular na sa mga single parent.

Ang mga batang lansangan ay inuudyok "ng isa o parehong magulang na tumulong na kumita ng pera para sa pamilya" sa pamamagitan ng pag-ambag bago o pagkatapos ng klase.

Sipi ng Painted Gray Faces mula sa Childhope Asia Phils., "Learning from Facilities on the Edge" (Dec. 1996)

## Ano ang ilang paraan para ipatupad ang mga pangunahing programa sa pag-iwas na nakatuon sa KOMUNIDAD?

1. Pagpapataas ng kamalayan sa sitwasyon at mga batas para sa mga bata
2. Pagsasanay/pagpapalaki ng kapasidad ng mga boluntaryo sa komunidad
3. Pagbubuo/pagpapalakas ng:
   - Mga organisasyon/community watch group ng mga mamamayan;
   - Mga organisasyong pangkabataan; at
   - ang BCPC

> **"Kapag naitanim sa isip ng mga miyembro ng komunidad na may pananagutan sila sa pagtataguyod ng mga karapatan ng kabataan, at kanilang malaman kung ano ang pang-aabuso sa kabataan at kung ano ang maaaring gawin upang protektahan ang kabataan mula rito, ang buong komunidad ay magiging mas magiliw sa mga bata at mas bababa ang posibilidad na masangkot ang mga bata sa mapanganib at ilegal na gawain.**
>
> Seed of Hope, CORDAID (sipi mula sa FCED at Tambayan)

## Pagpapataas ng kamalayan

Nagsasagawa ang iba't ibang barangay ng **mga orientation session** sa mga karapatang pambata at mga kaugnay na batas kabilang ang R.A. 9344 at R.A. 7610 (Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act). Ang ilang barangay ay nagsasagawa ng karagdagang hakbang sa pagtataguyod ng kamalayan tungkol sa kapakanan ng kabataan sa pamamagitan ng **pagdiriwang ng children's month** at taunang **children's summit**.

## Mga boluntaryo sa komunidad, mga watch group

Ang isang istratehiya na madalas na ipinatutupad upang maiwasan ang mga CICL ay kinabibilangan ng pagbuo at pagpapakilos ng mga boluntaryo sa komunidad na maaaring tumulong sa barangay sa pag-uulat ng mga batang pinaghihinalaang biktima ng pang-aabuso, kapabayaan, at pagsasamantala. Maaaring bumuo ng mga watch group tulad ng proyekto ng Bantay Bayan sa isang Barangay kung saan ang mga boluntaryo ng komunidad ay bahagi ng isang roving patrol upang subaybayan ang kinaroroonan ng mga bata sa barangay.

Sa isang barangay, ang mga boluntaryo ay itinalaga upang magsilbing kinatawang "ama" o "ina" para sa mga kabataan sa barangay. Ang mga nagsisilbing magulang ay nagbibigay ng payo at gabay sa mga bata sa komunidad.

Ang mga boluntaryo ng komunidad ay maaaring maging bahagi ng BCPC na maaaring magbigay ng pangangalaga at tulong sa mga bata sa barangay.

## 6.4 MENU NG MGA PANGUNAHING PROGRAMA SA PAG-IWAS

Bilang karagdagan sa mga nakalista sa ilalim ng Seksiyon 6.3, may mga partikular na programa para sa mga bata upang tulungan silang makaiwas sa panganib o maging salungat sa batas.

### Anong mga programa ang partikular na naglalayon sa pangunahing pag-iwas?

1. Early childhood care and development
2. Mga serbisyong pangkalusugan / Edukasyon
3. Mga aktibidad sa values formation
4. Institusyonalisasyon ng mga aktibidad para sa kabataan, hal. mga kongreso, camp, summit, forum
5. Akses ng mga bata sa mga organisasyong pangkabataan (hal. SK) at iba pang ahensiya ng gobyerno at pribadong ahensya na may kinalaman sa sektor ng kabataan
6. Paglikha ng lugar sa loob ng barangay na angkop sa mga bata

### Early childhood care and development

Ang Early Childhood Care and Development (ECCD) Program ay sumasaklaw sa serbisyong pangkalusugan, nutrisyon, maagang edukasyon, sikolohikal, at iba pa na nagbibigay ng panlahatang pangangailangan ng mga batang 0-6 taong gulang upang itaguyod ang kanilang pag-unlad sa pinakamainam na potensiyal. Kabilang sa mga programa ng ECCD ay ang mga day care center at mga pinangangasiwaang dula sa kapitbahayan.

Gamit ang iba't ibang modyul, sinasanay ng DSWD ang mga komunidad na bumuo ng kanilang sariling ECCD. Kung interesado ang iyong barangay sa pagpapatupad ng mga ECCD program, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na LSWDO o PSWDO sa inyong barangay.

## Mga lugar na angkop sa mga bata

Sa isang barangay mula sa urban area, isang "playroom" ang ginawa sa barangay hall upang sa halip na manatili sa lansangan ang mga bata mula sa komunidad ay magkaroon sila ng ligtas na lugar kung saan maaari silang tumambay at magsaya habang nasa ilalim ng pangangasiwa ng mga boluntaryo (mga miyembro ng BCPC).

Isang barangay mula sa rural area ang nagtayo ng isang "open library" sa barangay hall kung saan maaaring libreng mag-aral at gumamit ng libro ang mga bata.

**LISTAHAN** **MAGANDA BA ANG PROYEKTO NG AKING BARANGAY PARA SA PANGUNAHING PAG-IWAS?**

- ☐ Mapapaunlad ba nito ang potensiyal ng bata at mapapanatili ang kanilang kakayahan upang maiwasang malagay sa panganib na magkasala?
- ☐ Mapapaunlad ba nito ang potensiyal ng pamilya at mapapanatili ang kanilang kakayahan upang maiwasang mailagay ang kahit sinong bata sa panganib na magkasala?
- ☐ Mapapaunlad ba nito ang potensiyal ng komunidad at mapapanatili ang kanilang kakayahan upang maiwasang mailagay ang kahit sinong bata sa panganib na magkasala?

Kung nilagyan mo ng tsek ang ALINMAN sa mga tanong na ito, maaaring ituring na nagsusulong ng pangunahing pag-iwas ang iyong proyekto.

## 6.5 MENU NG MGA PROGRAMA SA SEKUNDARYONG PAG-IWAS

Bilang karagdagan sa mga nakalista sa ilalim ng Seksiyon 6.3, may mga partikular na programang makatutulong sa mga CAR na maiwasang maging CICL.

### Ano ang ilang mungkahing programa sa pag-iwas para sa mga CAR?

1. Magsagawa ng mga programang partikular para sa mga CAR sa pakikipag-ugnayan sa:
   a. Mga organisasyong pangkabataan;
   b. Mga organisasyong batay sa relihiyon; at
   c. Mga Asosasyon/Pederasyon para sa kabataan
2. Mag-organisa ng isang sistema para sa referral ng mga CAR sa mga social worker para sa psychosocial intervention
3. I-refer ang CAR at ang kaniyang pamilya sa isang social worker para sa family therapy
4. Iulat ang CAR sa Special Drug Education Centers
5. Mag-organisa ng mga watch group
6. Gawing institusyonal ang pagpaparehistro ng kapanganakan sa mga barangay

Tungkulin ng BCPC:

Protektahan at tulungan ang mga children at risk!

### Iba pang iminungkahing sekundaryong programa sa pag-iwas para sa CAR

| Kung ang bata ay… | | Mga iminumungkahing programa |
|---|---|---|
| inabuso (pisikal, sikolohikal, mental, pangkabuhayan, atbp.) | ☐ | mag-organisa ng mga watch group na maaaring sumubaybay sa mga kaso ng pang-aabuso at pagsasamantala |
| | ☐ | lumikha ng sistema ng pag-uulat sa LSWDO o PSWDO o PNP/WCPD ng mga kaso ng pang-aabuso at pagsasamantala |
| pinagsamantalahan (hal. seksuwal, pangkabuhayan) | ☐ | makipag-ugnayan sa mga NGO at mga organisasyong batay sa relihiyon na tumutulong sa mga batang inabuso at pinagsamantalahan |
| inabandona o pinabayaan at hindi mahanap ang magulang/tagapag-alaga | ☐ | lumikha ng isang sistema ng referral sa LSWDO o PSWDO/DSWD |
| | ☐ | makipag-ugnayan sa mga NGO at mga organisasyong batay sa relihiyon na tumutulong sa mga batang inabandona o pinabayaan |

| Kung ang bata ay… | Mga iminumungkahing programa |
|---|---|
| mula sa watak-watak na pamilya (at walang magulang/tagapag-alaga) | ☐ makipag-ugnayan sa mga NGO at mga organisasyong batay sa relihiyon na tumutulong at nagsasagawa ng mga sesyon sa family therapy, kakayahan sa pagiging magulang o pagiging responsableng magulang, atbp.<br>☐ makipag-ugnayan sa LSWDO o PSWDO / DSWD |
| out of school | ☐ mga programa sa skills training para sa kabataan<br>☐ pagsusulong ng alternatibong sistema ng pag-aaral<br>☐ paglikha ng mga drop-in center para sa mga batang lansangan |
| isang batang lansangan | ☐ lumikha ng sistema ng referral sa/pagsubaybay sa mga bata sa mga lokal na awtoridad ng paaralan |
| miyembro ng gang | ☐ paglikha ng mga peace camp at iba pang aktibidad na nagtataguyod ng mapayapang inter-aksiyon sa pagitan ng iba't ibang gang<br>☐ lumikha ng lugar ng pagkakasundo para sa mga batang nakikipag-away |
| naninirahan sa isang komunidad na may mataas na antas ng kriminalidad o pag-abuso sa droga | ☐ lumikha ng sistema para sa pag-uulat ng CAR sa Special Drug Education Centers<br>☐ probisyon ng seguridad sa mga paaralan/day care |
| namumuhay sa lugar ng mga armadong tunggalian | ☐ makipag-ugnayan sa LSWDO o PSWDO/DSWD-Region |

## LISTAHAN — MAGANDA BA ANG PLANONG PROYEKTO NG AKING BARANGAY PARA SA SEKUNDARYONG PAG-IWAS?

- ☐ Makatutulong ba ang proyekto sa isang CAR, sa kaniyang pamilya, at sa komunidad?
- ☐ Ang proyekto ba ay naglalayon na maiwasan ang mga sirkumstansiya kung saan nalalagay sa panganib ang isang bata na sumalungat sa batas?
- ☐ Nakatuon ba ang proyekto sa mga bahagi ng problemang kinasasangkutan ng bata, pamilya, at komunidad na kung malutas ang mga problemang ito, babalik ang sirkumstansiya ng bata sa mainam na estado?
- ☐ Ang proyekto ba ay nakatuon sa pag-iwas at proteksiyon?

Kung minarkahan mo ng tsek ang LAHAT ng mga tanong na ito, ang inyong proyekto ay magandang ipatupad sa inyong barangay bilang sekundaryong programa sa pag-iwas.

## 6.6 BCPC: ISANG MAHALAGANG PUWERSA UPANG MAIWASAN NA MAGKAROON NG SULIRANIN SA BATAS ANG MGA BATA

### May gumagana at aktibo bang BCPC sa inyong barangay?

Bawat barangay ay inaatasan ng batas na bumuo ng BCPC. Ang BCPC ay may tungkuling tumulong sa barangay sa pangangasiwa ng wastong pagpapatupad ng R.A. 9344 at gumaganap ng mahalagang papel upang maiwasang maging CICL ang mga CAR.

Upang maituring na gumagana at aktibo, ang BCPC ay kailangang:

- may mga miyembrong itinakda ng batas
- gumanap sa mga tungkuling iniaatas ng batas
- mabigyan ng barangay ng magagamit na badyet

## Komposisyon ng BCPC

**Punong Barangay**

- **Brgy. Kagawad** (Tagapangulo sa Kababaihan at Pamilya)
- **Brgy. Nutrition Scholar**
- **Brgy. Day Care Worker**
- **Brgy. Health Nurse/Midwife**
- **Brgy. Health Worker**
- **(Mga) Puno ng Paraalan sa brgy.** (hal. Punong-guro/Teacher-in-charge)
- **Punong Tanod**
- **Tagapangulo ng SK**
- **Kinatawan para sa mga Bata**
- **Pangulo ng PTA o ang kaniyang kinatawan**
- **Kinatawan ng NGO**

## Ano ang ilang tungkulin ng BCPC na makatutulong sa pag-iwas o pagtulong sa CICL?

### Mga programa para sa mga bata

a. Magsagawa ng mga **community-based na programa** na naglalayong maiwasang magkasala sa batas ang mga bata

b. Pangasiwaan ang **database** ng mga bata sa barangay

### Networking at koordinasyon

a. **Kunin ang partisipasyon** ng mga institusyon, NGO, paaralan, at ahensiya ng gobyernong nakatuon sa kabataan para sa pagpaplano/pagpapatupad ng mga programa sa pag-iwas

b. Magsagawa ng **imbentaryo** ng lahat ng NGO na naglilingkod sa CICL at gamitin sila bilang mapagkukunan para sa epektibong pagpapatupad ng R.A. 9344 as amended by RA 10630

### Tulong sa mga pamilya

a. Hikayatin ang wastong pagganap sa mga tungkulin ng mga magulang

b. Tulungan ang mga magulang sa pagkuha ng ekspertong patnubay at payo mula sa wastong welfare agency (gobyerno o pribado)

c. Magdaos ng mga klase at seminar tungkol sa wastong pagpapalaki ng mga anak at sa positibong relasyon ng magulang at anak

d. Gumawa ng mga hakbang upang maiwasang maging delingkuwente ang bata at tulungan ang mga magulang ng mga batang may mga problema sa pag-uugali upang makakuha sila ng payo mula sa eksperto

## Tungkulin sa Diversion

a. Tulungan ang Punong Barangay sa pagsasagawa ng **mga diversion proceeding**

b. Tulungan ang LSWDO o PSWDO sa pagbuo ng **mga diversion program** para sa CICL

## Ano ang ilang paraan para palakasin ang ating BCPC?

- Mag-imbita ng mga boluntaryo sa komunidad
- Mangalap ng pondo mula sa pribadong sektor
- Makisosyo at magkibahagi ng mga mapagkukunan sa:
  a. ibang barangay
  b. mga NGO
- Matuto mula sa pinakamahuhusay na kasanayan ng ibang BCPC/barangay

## Kailangan niyo ba ng tulong sa pag-oorganisa / pagpapalakas ng inyong BCPC?

Maraming ahensiya ng gobyerno ang makatutulong sa inyo!

Makipag-ugnayan sa:

**Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG)**

Numero ng Telepono 9250347
Numero ng Fax 9250361
Email aapanadero@dilg.gov.ph

Maaaring magsagawa ang DILG ng mga oryentasyon para sa mga organisasyon at pagpapaunlad ng BCPC at pagbuo ng Comprehensive Juvenile Justice Intervention Program.

---

**Council for the Welfare of Children (CWC)**

Numero ng Telepono 4157985 / 7408864 / 7405490
Numero ng Fax 7811040

Maaaring makatulong ang CWC sa BCPC sa pagtataguyod at pagsulong ng mga karapatan ng mga bata

**Juvenile Justice and Welfare Council (JJWC)**

Numero ng Telepono (02)9210565 / (02)7945972
Email secretariat@jjwc.gov.ph


Maaaring tulungan ng JJWC ang inyong barangay at mga kalapit na BCPC upang magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa R.A. 9344 as amended by RA 10630

# MGA ANNEX

# ANNEX A

## FLOWCHART A
## UNANG KONTAK SA CICL


### PARA SA MGA LAW ENFORCEMENT OFFICER (LEO)



# ANNEX B-1

## FLOWCHART B-1
### ANG BATA AY 15 TAONG GULANG PABABA
### PARA SA LEO AT LSWDO o PSWDO

Paunawa: Bago matapos ang 8 oras mula sa unang kontak sa bata, ipasa ang pisikal na kustodiya sa mga magulang maliban kung ang sagot sa alinman sa mga sumusunod na tanong ay HINDI.




# ANNEX B-2

**FLOWCHART B-2**

ANG BATA AY MAHIGIT 15 TAONG GULANG NGUNIT KUMILOS NANG WALANG DISCERNMENT AYON SA PAGSUSURI NG LSWDO o PSWDO


**PARA SA LEO AT LSWDO o PSWDO**



# ANNEX C

**FLOWCHART C-1**
**ANG BATA AY MAHIGIT 15 TAONG GULANG AT KUMILOS NANG MAY DISCERNMENT AYON SA PAGSUSURI NG LSWDO o PSWDO (PAGKAKASALA NA MAY PARUSANG HINDI HIHIGIT SA 6 TAON)**


**PARA SA KATARUNGANG PAMBARANGAY AT LSWDO o PSWDO**



# ANNEX D

## PANGANGASIWA SA BATA NA LUMABAG SA ORDINANSA (CHILD AT RISK)

PARA SA BARANGAY AT LSWDO o PSWDO



# ANNEX E-1

BCPC Form No. 1

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng ____________________
Lungsod/Munisipyo ng ____________________
Barangay ____________________

**INTAKE FORM PARA SA BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**

**I. Profile ng Bata:**

Pangalan: ____________________ Palayaw/Alyas: ____________________ Edad: __________
Sex: __________ Kasarian: __________ Petsa ng Kapanganakan: ____________________
Lugar ng Kapanganakan: ____________________
Tirahan: ____________________
Pinakamataas na Naabot na Antas ng Edukasyon: ____________________

**II. Background ng Pamilya**

| **Pangalan** | **Relasyon** | **Sex** | **Edad** | **Katayuang Sibil** | **Naabot na Antas ng Edukasyon** | **Hanapbuhay/Kita** | **Mga Obserbasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

**III. Status ng Kaso:**

Kategorya ng batang kasangkot:
☐ Children in Conflict with the Law (CICL)
☐ Child at Risk (CAR) [I-tsek kung alin ang naaangkop]
_______ Pinabayaan _______ Inabandona
_______ Naulila _______ Inabuso

Lugar at petsa ng diumano'y ginawang pagkakasala:

____________________

Kaso/Pagkakasala: ____________________
Pangalan ng Opisyal na Dumakip: ____________________
Pangalan ng Opisyal na Dumakip: ____________________
Contact Number: ____________________
Lugar kung saan Nasagip: ____________________ Petsa at Oras: ____________________

# ANNEX E-1 (PAHINA 2)

Ginawa ngayong ika- ______ ng ________________________, 20______.

________________________________
Lagda ng Nagrereklamo

________________________________
Pangalan at Lagda ng CICL

________________________________
Pangalan at Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga

Natanggap at isinampa ngayong ika- ______ ng ________________________, 20______ .

________________________________
Pangalan at Lagda ng Punong Barangay

# ANNEX E-2

BCPC Form No. 2

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng________________________
Lungsod/Munisipyo ng______________________
Barangay_________________________

**BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**FORM NG REKLAMO**

| | | |
|---|---|---|
| ____________________ | - laban kay - | ____________________ |
| Nagrereklamo | | CICL |
| ____________________ | | ____________________ |
| Tirahan | | Tirahan |

**REKLAMO**

Ako/Kami ay naghahain ng reklamong ito laban sa (mga) pinangalanan sa itaas dahil sa paglabag sa aking/aming mga karapatan at interes sa sumusunod na paraan:

______________________________________________________________________

DAHIL DITO, AKO/KAMI ay nagdarasal na ang mga sumusunod na (mga) tulong ay ipagkaloob sa akin/amin alinsunod sa batas at/o katarungan:

______________________________________________________________________

# ANNEX E-2 (PAHINA 2)

Ginawa ngayong ika- _______ ng ___________________________, 20______.

___________________________________
Lagda ng Nagrereklamo

___________________________________
Pangalan at Lagda ng CICL

___________________________________
Pangalan at Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga

Natanggap at isinampa ngayong ika- _______ ng _________________________, 20_______ .

___________________________________
Pangalan at Lagda ng Punong Barangay

# ANNEX E-3

BCPC Form No. 3

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng________________________
Lungsod/Munisipyo ng______________________
Barangay________________________

**BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**SULAT/FORM NG REFERRAL**

Petsa:______________

________________________________
________________________________
________________________________
________________________________

Mahal na________________:

Lubos na Gumagalang,

___________________________________
Pangalan at Lagda ng Nagre-refer na Partido

# ANNEX E-4

BCPC Form No. 4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng ______________________
Lungsod/Munisipyo ng ____________________
Barangay ________________________

**BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**FORM NG FEEDBACK**

Petsa: ____________

**I. Pangalan ng Ahensiya/LGU kung saan ni-refer ang bata:** ______________________________
______________________________________________________________

**Petsa ng Referral:** ______________________________________________

**II. Impormasyon ng Pagkakakilanlan**

Pangalan: ________________________________________ Edad: __________
Sex: ____________ Kasarian: __________ Petsa ng Kapanganakan: ______________
Kategorya ng Kaso: __________ Child in Conflict with the Law (CICL) __________ Child at Risk (CAR)
Tirahan: ______________________________________________________
Contact Number: ________________________________________________

**III. Mga Serbisyong Ibinigay**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**IV. Mga Obserbasyon**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Inihanda ni:

__________________________
Pangalan, Designasyon, Lagda

# ANNEX F

# TALAAN

**Mga contact details para tumulong sa CICL at CAR**
**(September 2022)**

| Ahensiya/Opisina | (Mga) Pangalan | Mga numero ng telepono / Address |
|---|---|---|
| Department of Social Welfare and Development (DSWD) | **Sec. Erwin T. Tulfo** | Num. sa Tel.: (02) 931-8058 / 931-7916; Num. sa Fax: (02) 931-8191; Central Office, Batasan Complex, Quezon City |
| Juvenile Justice and Welfare Council (JJWC) – National Secretariat | **Atty. Tricia Clare A. Oco**<br>Executive Director | Telepono: (02) 921-0565 / (02) 921-9065; Email: secretariat@jjwc.gov.ph |
| **Regional Juvenile Justice and Welfare Committee (RJJWC)** | | |
| CAR | **Leo L. Quintilla**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0927-4486302 / (074) 446-9651; Num. sa Fax: (074) 442-7917; Email: rjjwc.car@jjwc.gov.ph |
| CARAGA | **Mari-Flor D. Libang**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0930-2054979 / (085) 342-5619; Num. sa Fax: (085) 815-9173; Email: rjjwc.caraga@jjwc.gov.ph |
| NCR | **Monina Josefina H. Romualdez**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0912-5733655 / 734-8640; Num. sa Fax: 733-0010 loc. 205 / 206; Email: rjjwc.ncr@jjwc.gov.ph |
| BARMM | **Atty. Raissa H. Jajurie**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0926-8538459 / (064) 552-2796;<br>Email: rjjwc.armm@jjwc.gov.ph |
| Region I | **Marie Angela S. Gopalan, CESO III**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0919-4790587 / (072) 888-2184 / 888-2505;<br>Num. sa Fax: (072) 888-2184 / 888-2505;<br>Email: rjjwc1@jjwc.gov.ph |
| Region II | **Celso L. Arao, Jr.**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0935-3837136 / (078) 304-0586; Num. sa Fax: (078) 304-0586;<br>Email: rjjwc2@jjwc.gov.ph |
| Region III | **Venus F. Rebuldela**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0932-6632760 / (045) 861-2431 loc. 107;<br>Email: rjjwc3@jjwc.gov.ph |
| Region IV-A | **Mylah S. Gatchalian**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0919-4745124 / 807-7102;<br>Email: rjjwc4a@jjwc.gov.ph |
| Region IV-B | **Leonardo C. Reynoso, CESO III**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0906-5176597<br>Email: rjjwc4b@jjwc.gov.ph |
| Region V | **Arwin O. Razo**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0919-5831293 / (052) 480-5347; Num. sa Fax: (052) 480-0607;<br>Email: rjjwc5@jjwc.gov.ph |
| Region VI | **Delia V. Bagolcol**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0927-5197404 / (033) 337-6221; Num. sa Fax: (033) 337-6221;<br>Email: rjjwc6@jjwc.gov.ph |
| Region VII | **Shalaine Marie S. Lucero, CESO IV**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0925-5292608 / (032) 232-1192 / Num. sa Fax: (032) 232-1192 loc. 119;<br>Email: rjjwc7@jjwc.gov.ph |
| Region VIII | **Grace Q. Subong**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0946-4116412 / (053) 321-2040; Num. sa Fax: (053) 321-1007;<br>Email: rjjwc8@jjwc.gov.ph |
| Region IX | **Riduan P. Hadjimuddin, CESO IV**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0905-7720157 / (062) 991-6030 / 991-0858;<br>Num. sa Fax: (062) 991-0858;<br>Email: rjjwc9@jjwc.gov.ph |

| | | |
|---|---|---|
| Region X | **Ramel F. Jamen**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0949-3374410 / (088) 858-8134; Num. sa Fax: (088) 858-6333; Email: rjjwc10@jjwc.gov.ph |
| Region XI | **Vanessa B. Goc-ong**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0933-4280403 / (082) 227-1964; Num. sa Fax: (082) 226-2857; Email: rjjwc11@jjwc.gov.ph |
| Region XII | **Restituto B. Macuto**<br>Regional Director | Num. sa Tel.: 0905-8217355 / (083) 228-2086; Num. sa Fax: (083) 228-2086; Email: rjjwc12@jjwc.gov.ph |

ANNEX G

**BARANGAY COUNCIL FOR PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)**
**LOG BOOK**

| Num. | Petsa ng Pag-refer | Pangalan ng Menor de edad | Edad | Sex | Petsa ng Kapanganakan | Tirahan | Pagkakasala/ Paglabag | Ni-refer Ni | Naabot na Antas ng Edukasyon | | | Pangalan ng Magulang | Bilang ng mga Anak sa Pamilya | Ginawang Aksiyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | NAG-AARAL | HINDI NAG-AARAL | ANTAS | | | | |
| 1 | Ika-24 ng Mayo, 2016 | Chavez, Mark Lester | 16 | M | Ika-19 ng Nobyembre, 1999 | 1439 Corregidor St., Barangay 2, Quezon City | Pisikal na Pinsala | PO3 David Dalisay | / | | Ikatlo ng Taon | Joselito ug Rosalie Chavez | 4 | • Magsagawa ng intake interview para sa menor de edad kasama ang kaniyang mga magulang<br>• Ipaalam sa LSWDO o PSWDO at PAO<br>• I-refer sa ospital para sa medikal/pisikal na eksaminasyon | • I-refer sa WCPO at LSWDO o PSWDO para sa wastong pagsisiyasat/disposisyon ng kaso |